Ang Ikalawang Tatak

Jeffersonville, Indiana, USA
Marso 19,1963

1 Magandang gabi, mga kaibigan. Panandalian tayong tumayong lahat para sa panalangin kung inyong mamarapatin. 2 Makalangit naming Ama, muli kaming nagsama-sama sa taimtim na pagtitipong ito ngayong gabi sa gawain ng Panginoon. At ipinangako Mong saan man kami magkatipon, maging dalawa man kami o tatlo, ay sasa-amin Kang kalagitnaan. At maaari kaming makatiyak na narito Ka, dahil nagkatipon kami sa Kaniyang Pangalan. 3 Ngayon, dumadalangin kami, Ama, na—na pumarito Ka ngayong gabi at buksan ang Ikalawang Tatak na ito para sa amin. At tulad ng sinabi ng—ng manunula, nais niyang tumingin ng lagpas sa tabing ng panahon. At iyan ang nasa namin, Panginoon, ang mailampas namin ang aming paningin at makita namin kung ano'ng nasa aming unahan. At idinadalangin naming pumarito sa'min ngayon ang Corderong pinaslang at buksan ang Tatak at—at ihayag sa amin ang mga bagay na kailangan naming makita.

2 Kung may ilan man dito, Panginoon, na hindi pa nakapapasok sa dakilang pakikisama kay Cristo, dumadalangin kami na ngayong gabi'y gawin nila ang eternal na desisyong iyon, ang mapuspos ng Espiritu ng Diyos. 5 Kung mayroon mang maysakit, Ama, dumadalangin kaming pagalingin Mo sila. Nakalapag dito ang maraming mga panyong pinapatungan ko ng aking kamay bilang paggunita sa Biblia tungkol kay San Pablo, kung saan ay nagsikuha sila mula sa kaniyang katawan ng mga panyo at panapi. Iniwan ng mga maruruming espiritu ang mga tao at sila'y nagsigaling. 6 Nakikita namin ang malapit nang pagdating ng Panginoon. Alam naming nalalapit na ang oras. Muling nagbalik sa Iglesia ang mga bagay na ito makalipas ang sanlibo at siyam na raang taon. 7 Ngayon, dumadalangin kami, Ama, na ipagkaloob Mo ang mga bagay na ito na hinihiling namin. Palakasin Mo ang Iyong lingkod at tulungan ang Iyong mga lingkod sa lahat ng dako, Panginoon, at lalo na kami na nagkakatipon dito ngayong gabi, na magawa naming matanggap ang Salita. Hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen

3 Tunay ngang mainam ang muling makabalik sa bahay ng Panginoon ngayong gabi. At alam kong marami sa inyo ang nakatayo, ikinalulungkot ko iyan, ngunit sadyang halos wala na tayong magawa. Pinalakihan natin ang simbahan, para makapagpapasok pa tayo ng tatlo, apat, tatlong daan o apat na raang katao, ngunit sa mga espesyal na pagtitipong tulad nito, naglalaman ito ng mas maraming tao.

4 Ngayon, oh, sadyang nasisiyahan ako sa pananalangin at sa pag-aaral ng mga Tatak na ito. Inaasahan ko na gayon din kayong lahat. Natitiyak kong gayon nga. Kung ang halaga nito sa inyo ay tulad ng sa akin, tiyak na masisiyahan din kayo. At mayroon akong isang... 10 Gusto kong tawagan ang isang kaibigan kong babae pagkatapos ng gawain, dahil kaarawan niya ngayon. Dose anyos na siya ngayon: si Sarah, ang anak kong babae. At sa makalawa'y kailangan ko ulit tumawag dahil kaarawan naman ni Becky.

5 At ngayong gabi, pag-aaralan natin itong Ikalawang Tatak. At... Sa unang apat na Tatak ay mayroong apat na mangangabayo. At sinasabi ko sa inyo na may nangyari ulit ngayong araw na ito, at ako'y—ako'y... Isang bagay na aking... Kinuha ko ang dating tala na ipinangusap ko matagal na panahon na ang nakalipas. At umupo ako roon, at inisip ko, "Buweno, gi— ginawa ko ang pinakamainam na magagawa ko." At maraming mga manunulat at mga bagay-bagay... At naisip ko, "Buweno, magbabasa muna ako sandali, at titignan ko ang ganito at ganiyan," at pagdaka'y, may bagay na naganap, at ito'y kakaibang-kakaiba. Iba ang dating nito. Kaya't dali-dali akong dumampot ng lapis at nagpasimulang sumulat nang simbilis ng aking makakaya habang naroon Siya.

6 Oh, kapangyayari palamang nito mga kalahating oras pa lang ang nakalilipas. Sinasabi ko kay Brother Wood, habang paparito kami ilang minuto pa lang ang nakalilipas, sadyang may bagay na... Oh, alam n'yo maraming mga bagay na nangyayari na sadyang hindi mo maipangusap, alam n'yo na, ngunit isang bagay ang naganap na nakatulong nang husto sa akin. 13 May kaibigan ako na naririto sa gusali. Siyempre lahat kayo'y kaibigan ko. Ang kapatid na ito ay si Brother Lee Vayle. Siya'y isang mahal na kapatid at—at isang tunay na mag-aaral ng Kasulatan. Si Dr. Vayle ay isang Baptist na may Espiritu Santo, at siya'y isang... Hindi ko ito sinasabi bilang papuri; sinasabi ko lang ito dahil ito ang paniwala ko. Palagay ko'y isa siya sa pinakabihasang mag-aaral na kilala ko sa hanay natin. At sumulat siya sa akin ng isang maikling sulat dito at ipinadala niya sa pamamagitan ni Billy. At halos hindi ito maipaliwanag sa akin ni Billy, at sa palagay ko'y hindi ko pa ito nababasa nang buo—ngunit sasabihin ko lang kung ano ang sinabi niya rito. At babasahin ko lang ito, Brother Vayle, kung naririto ka—kababasa ko lang nito mga anim na buwan na ang nakalilipas.

7 "Hindi ko tiyak," ika niya, "Brother Bill, hindi ako tiyak, ngunit naniniwala ako na si Polycarp ay estudyante ni San Juan. (Tama, siya nga.) Wari ko'y estudyante ni Polycarp si Ireneaus. (Tama, eksakto.) Sinabi ni

Irenaeus, "Si Jesus ay babalik kapag ang huling hinirang na bahagi ng katawan ni Cristo ay nakapasok na.'" Iyan ang sabi ni Irenaeus mga apat na raang taon pagkatapos mamatay si Cristo. Aniya, "Kapag ang huling kapanahunang ito ay dumating na..." Ngayon, iyan ay nasa Pre-Nicaea Council. Kayong mga narito na nagbabasa ng—nag-aaral ng Kasulatan, at nag-aaral ng kasaysayan ng Biblia ang

ibig kong sabihin, makikita natin iyan sa Pre-Nicaea Council. At palagay ko ito ay makikita n'yo sa una o sa ikalawang aklat.

8 Ngayon, nakita niya iyon maraming taon na ang nakalilipas, na ang sabi niya sa huling—huling dako, ang huling hinirang... ang hinirang na iyon... Iniisip ng mga tao na ang paghirang ay isang bagay na—ay isang bagay na nito lamang binuo. Naku, isa iyan sa pinakamatandang katuruan na mayroon tayo: pagkahirang at pagkatawag. 16 At kaya si Ireneaus na tiyak ngang—isang tunay na mag-aaral ng Kasulatan, noon pa man ay naniniwala na siya sa paghirang. Kaya nga si Irenaeus ay isa sa mga anghel ng kapanahunan ng iglesia, na nakita natin sa ating pag-aaral, sa ating paniniwala. 17 Anopa't lahat ng mga ito ay hiwaga. Lahat ng mga ito'y naitago dito sa mga Tatak (Nauunawaan n'yo ba?), at nakatakdang mahayag sa huling araw. Nagsimula ang mga ito kay Pablo, at—at kay Irenaeus, at Martin, at iba pa, at nagpatuloy hanggang sa huling kapanahunan.

9 At ngayon, nagtitiwala tayo ngayon na pagpapalain tayo ng Panginoon sa ating pagsisikap ngayong gabi. Ngayon, tayo'y nasa… Tunay na nasiyahan ako sa Unang Tatak. Ang mga pagpapalang hatid ng Unang Tatak sa akin… At ngayon, ayaw kong pagtagalin kayo nang husto, ngunit kita n'yo, aalis na naman ako muli sa loob ng ilang gabi pagkatapos nito, at medyo kailangan nating magtiis ng kaunti pang panahon.

10 Pinasasalamatan ko… Nakita ko si Brother Junior Jackson na nakatayo roon, at parang nakita ko dito si Brother Ruddell, kani-kanina lang. At ang mga kapatid na lalaking iyon, ang mga iglesia nila'y mga kapatid nating iglesia na nagpahintulot na magsiparito ang mga kapatiran, at ganu'n din ang iba; tunay na pinahahalagahan natin 'yon. 20 At nakita ko si Brother Hooper, wari ko'y nakatayo siya sa may dingding, taga Utica siya, sa iglesia roon. At lubos naming pinasasalamatan ang lahat ng inyong mainam na kooperasyon dito.

11 Ngayon, kagabi tulad ng sa tuwina ay nais natin sa pagtuturo tungkol sa mga Tatak, ating—itinuturo natin ito tulad ng ginawa natin sa—sa mga kapanahunan ng iglesia. At… Nang matapos nating ituro ang kapanahunan

ng iglesia, nang huling iginuhit ko ang mga iyon dito sa pulpito sa isang pisara, ilan ang nakaaalala kung ano'ng nangyari? Bumaba Siya, pumaroon sa may dingding sa anyo ng isang Liwanag at iginuhit Niya ito mismo, doon sa dingding sa harapan nating lahat. Ang Anghel ng Panginoon ay tumayo dito mismo sa harap ng ilang daang tao. At ngayon, Siya—Siya'y gumagawa rin ng isang bagay na totoong supernatural. At kaya't tayo'y sadyang nag-aabang ng mga dakilang bagay. Hindi natin alam… Gusto n'yo bang abangan iyon— ang dakilang pananabik na iyon, na hindi natin alam kung ano ang susunod na mangyayari, alam n'yo na, basta't naghihintay lang tayo?

12 Ngayon, napakadakila ng Diyos sa atin. At kamangha-mangha, kaya pinasasalamatan natin Siya. Ngayon babasahin ko ang una at ikalawang talata, upang medyo makapagbigay ng kaunting pundasyon, at pagkatapos ay kukunin natin ang Ikatlo at Ikaapat na talata para sa Ikalawang Tatak, at ang ikalima at ikaanim na talata naman ang Ikatlong Tatak. At ang ikapito at ikawalo ang—dalawang talata sa bawat mangangabayo.

13 At ngayon, gusto kong masdan n'yo kung papaanong ang taong ito na nakasakay dito sa kabayong maputla, marahil heto siya, sadyang nag-iiba-iba siya habang nagpapatuloy, at pagkatapos ay mabubuksan ang huling dakilang Tatak na iyon, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng gabi, at nang iyon ay maganap, ang tanging nangyari ay nagkaroon ng katahimikan sa kalangitan sa loob ng kalahating oras. 24 Tulungan nawa tayo ng Diyos. 25 Ngayon, babasahin ko na ang ikatlong talata. At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, Halika. At may lumabas na ibang kabayo… (Ika-4 na talata)… na kabayong mapula: at ang nakasakay dito, ay pinagkaloobang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't-isa—mangagpatayan ang isa't-isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.

14 Ngayon, ito'y mahiwaga nang sabihin ng hayop kay Juan, “Basta't halika at tignan mo.” At hindi niya nakita kung ano iyon; nakakita lang siya ng isang simbulo. At ang simbulong iyon, kaya ganu'n… Ang sabi niya, “Halika, tignan mo.” Ngunit nakakita siya ng isang simbulo na kaniyang ipangsasagisag sa iglesia sa paraang mamamatiyagan nila hanggang sa humantong ito sa huling kapanahunan, at pagkatapos ay mabubuksan ang Tatak. Ngayon, nauunawaan na ba 'yon ng lahat? Kita n'yo, mabubuksan ang mga Tatak.

15 At hindi ba kayo nagagalak na kayo'y nabubuhay sa araw na ito? Iyang… Kita n'yo? Hindi lang iyan, mga kaibigan, kundi lagi ninyong pakatatandaan; noong nakaraang Linggo ng umaga nakita natin na ang kabuuan nito ay nakabase sa kasimplihan (Kita n'yo?), payak, hamak. Mangyayari ito sa paraang nilalampas-lampasan lamang ng mga tao at hindi malalamang ito ay naganap na. At tandaan, nag-aabang tayo sa pagdating ng Panginoon anumang oras. At kapag ating… 28 Nangusap ako na marahil ang pag-agaw ay magiging gayon din. Magwawakas ito, matatapos, nang walang sinumang nakaalam, at sadyang ganiyan ito darating. Kita n'yo? At karaniwan… Balikan ninyo ang Biblia at tignan n'yo kung

papaanong ganiyan ang nangyayari (Kita n'yo?), maging ang isang dakilang bagay tulad ng pagdating ni Jesus Cristo. Walang sinumang nakaalam nito. Inisip nila, "Ang baliw na iyon, isang taong…" 29 Ang sabi ng mga iglesia, "Isa lamang siyang panatiko. Kami'y… Talagang baliw siya." Anila, "May sira siya sa ulo." Alam naming baliw ka." Ang "mad" ay nangangahulugang "baliw." "Alam naming may diablo ka, at sinira nito ang ulo mo. At tinuturuan mo kami samantalang ipinanganak kang bastardo. Aba'y, ipinanganak ka sa pakikiapid, pagkatapos ay tinuturuan mo ang mga taong tulad namin, mga pari at iba pa, sa templo." Aba'y, naku, insulto 'yon sa kanila.

16 Nang dumating si Juan, nabanggit na siya sa mga panahong nagdaan mula kay Isaias hanggang Malakias—iyon ay sanlibo at dalawandaang—o nakita na siyang dumarating ng mga propeta sa loob ng pitong daan at labindalawang taon. Lahat ay nag-aabang sa kaniyang pagdating, inaasahan nila ito anumang oras. 31 Ngunit ang paraan ng kaniyang pagdating, pangangaral, at paglilingkod, at pagpasok sa kaluwalhatian, ay hindi nalaman maging ng mga apostol. Dahil tinanong nila Siya; ang sabi nila, "Ngayon, paroroon ang Anak ng tao sa Jerusalem upang ihandog ang lahat ng mga bagay na ito," at sabi nila, "bakit nga sinasabi ng Kasulatan na darating muna si Elias?" 32 Ang sabi ni Jesus, "Dumating na siya; at hindi ninyo nalaman. At ganap niyang ginawa kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin niya, at ginawa nila sa kaniya kung ano ang nakatakda." Kita n'yo, kita n'yo? At hindi nila ito mapag-unawa. Ang sabi Niya, "Si Juan 'yon."

17 At pagkatapos ay, "Oh." Kita n'yo, nagising sila ro'n. Kanilang… At nang… Maging sa huli, matapos ang lahat ng mga bagay na ginawa Niya at mga tandang ipinamalas Niya sa kanila, at tinawag pa nga Niya sila, ang sabi, "Sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng kasalanan (di-pananampalataya)?

Kung hindi Ko ginawa kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin ng Aking opisina pagdating ko sa lupa, ipakita n'yo sa Akin kung saan ako nagkasala. (Kita n'yo?) At ipakikita Ko sa inyo kung ano ba dapat ang kahihinatnan n'yo, at tignan natin kung paniniwalaan n'yo ito o hindi." Kita n'yo? Maaari Niya sana silang balikan at sabihin, "Dapat sana'y sumampalataya kayo sa Akin nang Ako'y dumating." Hindi nila ginawa iyon. Kita n'yo? Kaya't nalaman nilang hindi nila Siya dapat sinilo sa bagay na iyon. Ngunit ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapag-aakusa sa Akin ng di-pananampalataya? (Kita n'yo?) Hindi ba't ginawa Ko lang kung ano ang naitakda na?

18 At maging ang mga apostol na kasa-kasama Niya ay natisod. (Alam natin kung paanong nagpatuloy ang Kasulatan.) At sa bandang huli, sa dulo ay sinabi nila, "Naniniwala na kami ngayon. Naniniwala kaming walang sinumang dapat magsabi sa Iyo, dahil nalalaman Mo ang lahat ng mga bagay." 35 At nakini-kinita ko ang Kaniyang mukha. Malamagn ay tumingin Siya sa kanila at nagsabi, "Buweno, naniniwala na ba kayo ngayon?" Sa wakas ay napagtanto nila. Buweno, marahil ay nakatakdang hindi nila maunawaan hanggang sa dumatng ang sandaling iyon. Kita n'yo? At isinasaayos ng Diyos ang lahat ng bagay, alam n'yo. Mahal ko Siya dahil diyan.

19 Ngunit ngayon, iniisip natin ang ating kapanahunan ngayon, dahil kung patuloy akong mangungusap tungkol diyan, hindi na natin mapupuntahan ang mga Tatak na ito. At… Ngayon, tandaan n'yo, marami akong natatanggap na mga kahilingan para ipanalangin ang mga maysakit, at ipinananalangin ko kayo sa tuwina hinggil sa bawat kahilingang natatanggap ko at para sa mga panyo at iba pa. 37 At kung matatapos natin ang mga Tatak na ito hanggang sa huling Tatak sa Linggo ng umaga, kung kalooban ng Panginoon, gusto nating magdaos ng isang mainam na makalumang healing service dito, alam n'yo na, kung saa'y gugugulin mo ang buong umaga para ipanalangin ang mga maysakit. At tiyak na tiyak ako na iyon ay magiging isang kakaibang healing service. Oo, sadyang may ganiyan akong nadarama. At kaya… Hindi kakaiba, ngunit marahil ito ay maging medyo kakaiba sa ilan.

20 Ngayon, gaano kadakila ang biyaya ng Diyos para ihayag ang Kaniyang mga lihim sa atin sa araw na ito. Ngayon, lahat tayo'y maniniwalang nabubuhay na tayo sa huling araw. Naniniwala tayo riyan. At

tandaan n'yo, ang mga lihim ay mahahayag sa huling araw. At paano ba Niya ipinahahayag ang Kaniyang Salita, ang Kaniyang lihim, ang Biblia? Gusto ba ninyong basahin kung saan Niya ito sinabi? Buklatin at tignan natin kung paano Niya ipinahahayag ang Kaniyang mga lihim. 39 Ngayon, gusto kong basahin ninyo ang Amos; buklatin natin ang Aklat ng Amos, at gusto kong basahin ninyo ang ikatlong kabanata ng Amos at ang ikapitong talata. Sige. Babasahin ko rin ang ikaanim na talata. Tutunog baga ang pakakak… sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? sasapit baga ang kasamaan sa bayan, at hindi ginawa ng Panginoon? Tunay na ang Panginoong Diyos… ay walang gagawin , kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.

21 Ngayon, sa mga huling araw inihula sa atin na may lilitaw na isang propeta. Ngayon, alam nating nagkaroon tayo ng lahat ng klase ng… Ngayon, napagtatanto ko matapos akong tumingin sa paligid ngayong gabi, nangungusap ako rito sa kinaroroonan ng maraming mga mag-aaral, at gusto kong unawain ninyo ako. At napag-uunawa ninyong umaabot sa buong mundo ang mga tape na ito (Kita n'yo?), halos buong mundo. 41 At nais ko, na huwag kayong mag-isip sa anumang paraan na nagsisingit ako ng kung anong uri ng kulto ng mga pantalukbong o balabal ni Elias at oh, nagkaroon na tayo ng

maraming ganu'n. Ngunit alam n'yo na inunahan lamang ng mga iyon ang tunay na parating upang lituhin ang mga tao.

22 Alam ba ninyong may lumitaw na mga bulaang pinuno, mga bulaang mesias bago dumating si Cristo? Hindi ba't sinabi ng dakilang guro ng araw na iyon, na si Gamaliel, nang magkaroon ng katanungan tungkol sa pambubugbog sa mga lalaking iyon at iba pa na, "Pabayaan ninyo sila. Kung ito'y sa Diyos, aba'y, masusumpungan kayong kumakalaban sa Diyos, ngunit kung ito'y hindi sa Diyos…" Aniya, "Hindi ba't may isang lalaking lumitaw hindi pa katagalan at nag-akay ng apat na raan doon sa ilang at iba pa? Mayroon tayong mga ganiyan." Ano iyon? Inuunahan ng lahat ng mga ito ang pagdating niyaong tunay.

23 Ngayon, kita n'yo, si Satanas ang nagpapalitaw sa mga iyon. Masdan n'yo ang katusuhan ng lalaking ito na pinag-uusapan natin, si Satanas, na inilalantad natin dito, ibinubunyag natin siya sa pamamagitan ng mga Kasulatan at ipinapakita natin sa inyo kung sino siya.

Iyan ang dapat na maganap, at tandaan n'yo, hindi niya sinubukang maging isang Kumunista; hindi iyon ginawa ni Satanas. Siya'y isang anticristo, "Magkahawig na magkahawig na" ayon kay Jesus, "dadayain nito maging ang hinirang." At sila yaong nakakubli sa mga Tatak na ito, na ang mga pangalan ay nasa Aklat na bago pa itatag ang sanlibutan.

24 Siya'y tuso, at kapag nakikita niyang paparating na ang bagay na ito, dumarating na, nagpapalitaw siya ng lahat ng bagay na magagawa niya upang guluhin ito bago pa makarating. 46 Alam ba ninyong may lilitaw na mga bulaang cristo sa huling araw? Mangyayari ito pagkatapos na pagkatapos ng dakilang mensaheng ito na ipahahayag ng kapatid na ito, na tunay na darating, at mapapahiran ng espiritu ni Elias, pagkatapos na pagkatapos nito. 47 At mapagkakamalan nila siya; iisipin ng ilan sa kanila na siya ang Mesias. Ngunit mahigpit niyang sasabihin, "Hindi," dahil kailangang dumating ito nang tulad ni Juan. 48 Sa panahon ni Juan Bautista, nang lumabas siya para mangaral, ang sabi nila sa kaniya, "Hindi ba ikaw ang Mesias? Hindi ba ikaw Siya?" 49 Ang sabi niya, "Hindi. Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kaniyang pangyapak. Ngunit binabautismuhan ko kayo sa tubig, samantalang Siya nama'y magbabautismo sa Espiritu Santo." At tiyak na tiyak si Juan na Siya'y nasa lupa na kaya't ang sabi niya, "Siya'y nasa kalagitnaan ninyo na ngayon." Ngunit nakilala lamang niya Siya nang makita niyang binabaan Siya ng tanda. At nang makita niyang bumababa ang Liwanag na iyon, na gaya ng isang kalapati at dumapo sa Kaniya, ang sabi niya, "Hayun Siya. Siya iyon." Ngunit alam n'yo, si Juan lang ang nakakita Niyon. Si Juan lang ang nakarinig ng Tinig. Wala na sa iba pang naroroon ang nakarinig Niyon.

25 Ngunit nang dumating ang tunay at totoong lingkod, kaya may mga panggagaya, dahil layon nitong lituhin ang isipan ng mga tao. Ganiyan ang ginagawa ni Satanas. At ang mga hindi makatukoy ng tama at mali, ay nangatitisod dito; ngunit hindi ang mga hinirang. Sinabi ng Bibliang hindi niya magagawang dayain ang mga hinirang. At ngayon, bago dumating si Cristo, sinabi ng Bibliang may lilitaw na mga bulaang cristo at mag-aangking sila si Cristo, at magsasabing, "Narito," sasabihin ng mga tao, "Siya'y nasa ilang." Huwag n'yo itong paniwalaan. "Narito, Siya'y nasa lihim na silid." Huwag n'yo itong paniwalaan. "Sapagkat kung paanong ang araw ay sumisikat sa silangan patungo sa kanluran, gayon din ang pagdating ng Anak ng tao." Kita n'yo? Oo, Siya'y—Siya'y magpapakita, at ito'y magiging pandaigdigan.

26 At ngayon, iya'y magiging… 51 Ngayon, siyempre, kapag natuklasan nilang may naganap na isang bagay (Nakita n'yo?), kung magkagayo'y kanilang… Ngayon, tandaan n'yo, magaganap iyon pagkatapos na pagkatapos ng pag-uwi ng Iglesia (pagkatapos ng pag-agaw). Ngayon, sa tuwina'y magkakaroon ng mga bulaang panggagaya, at ayaw nating makunekta sa anumang tulad niyon. Hindi po. 52 At naniniwala ako na pagdating ng taong ito, ang naihulang darating (Ipinapakita ko lang sa inyo sa pamamagitan ng mga Kasulatan.), na ang taong ito ay kakailanganing maging isang propeta. Tiyak nga. At ang kapahayagan ng Diyos, dahil ang Diyos ay… 53 Dumarating ang Salita ng Diyos sa Kaniyang propeta. Tama nga, iya'y… At hindi maaaring magbago ang Diyos. Nakikita n'yo? Kung may mas mainam Siyang paraan, ginamit Niya sana 'yon, ngunit pinili Niya ang pinakamainam na paraan sa pasimula pa lamang.

27 Tulad na lamang ng maaari sanang ang araw ang pinili Niya upang mangaral ng Ebanghelyo. Maaari sanang ang buwan ang pinili Niya. Maaari sanang ang hangin ang pinili Niya, ngunit ang tao ang pinili Niya. At hindi Siya pumili ng mga grupo; kundi mga indibidwal. Kita n'yo, ang… At hindi nagkaroon kailanman ng dalawang major prophet sa lupa sa iisang pagkakataon. 55 Kita n'yo, magkakaiba ang bawat lalaki. Iba't iba ang kanilang pagkakayari. Kung mahahawakan ng Diyos ang isang tao (Iyon lang ang kailangan Niya.), magagawa Niya anumang naisin Niya. Isa lang ang kailangan Niya. 56 Sa mga araw ni Noe, mga araw ni Elias, mga araw ni Moises… Marami ang lumitaw sa panahon ni Moises. Alam n'yo kung paano nila sinabi, "Buweno, hindi lang ikaw ang nag-iisang banal sa grupo," at sina Dathan at Core… 57 At sabi ng Diyos, "Ihiwalay mo na lang ang sarili mo; ibubuka Ko ang lupa at lalamunin silang lahat." Nakikita n'yo ba? At—at kaya… At nagsimulang magsipagreklamo ang mga tao. Ang sabi Niya, "Lilipulin ko na lang silang lahat." 58 At doo'y ginampanan ni Moises ang lugar ni Cristo nang siya'y mamagitan at magsabing, "Huwag, Panginoon." Kita n'yo? 59 At siyempre, Siya'y… Nang italaga Niyang gawin ito ni Moises, hindi Niya tinawid si Moises, dahil siya'y umastang tulad ni Cristo sa pagkakataong iyon. Si Cristo

iyon na nakay Moises. Tunay nga.

28 Ngayon, lubha tayong nagagalak sa araw na ito na ipinahahayag ng Diyos ang Sarili Niya sa atin. At naniniwala ako na ang dakilang araw ay nagsisimula pa lamang sumilay, sumikat; nagsisimula nang kumislap ang mga liwanag; nagsisimula ng umawit ang mga ibon ng paraiso sa puso ng mga banal, alam nilang hindi na magtatagal. May isang bagay na magaganap. Sadyang magaganap at magaganap ito. 61 Kaya kung hindi Siya gagawa ng anuman… Ngayon, ang buong Kasulatan ay kinasihan. Ang mga Kasulatan ay talagang Katotohanan, hindi maaaring iwasan. Diyan ako hindi sumasang-ayon sa ating mga kaibigan sa iglesiang Catolico. Naniniwala akong hindi Ito isinulat ng tao lamang; naniniwala akong Ito'y kinilusan ng Espiritu Santo. At lahat ng mga mumunting bagay na ito na idinagdag, sinusubukan nilang idagdag Dito, napansin ba ninyo na nang ito'y resulbahin, ang bawat isa sa mga ito'y ipinuwera. At ang tunay na totoong mga Kasulatan ay nagtutugma-tugma sa isa't-isa hanggang sa walang masumpungang pagkakasalungat sa kanila kahit saan.

29 Magpakita kayo sa akin ng isang manunulat ng literatura na maaaring makapagsulat ng isang talata na halos walang salungatan, o sa isa o dalawang talata. At walang pagsasalungatan sa Biblia saan man. Nakarinig ako ng mga dati nang kritiko na nagsasabi niyan, ngunit nag-alok ako sa kanila dati pa na ipakita sa akin kung nasaan iyon. Wala 'yon dito. Lito lang kasi ang isip ng tao. Ang Diyos ay hindi lito. Alam Niya ang Kaniyang ginagawa. Alam Niyang… 63 At tignan n'yo, kung hahatulan ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng isang iglesia (gaya ng sinasabi ng iglesiang Catolico), o sige, kung gayo'y anong iglesia naman kaya iyon? Tignan n'yo na lang ang mga iglesia na mayroon tayo. Mayroon tayong mahigit sa siyam na raang iba't ibang organisasyon ng mga iglesia. Ngayon, paanong… Ang isa'y magtuturo ng ganito at ang isa nama'y ganoon. Ang laking kalituhan. At ginagawa ng bawat isa ang anumang naisin nila; papasok ka pa rin. Kailangang magkaroon ang Diyos ng isang pamantayan, at iyon ay ang Kaniyang Salita.

30 Tungkol sa… Hindi sa panunuligsa sa Catolico, dahil kasingsahol din nito ang Protestante. Ngunit sa pakikipag-usap ko sa isang pari, ang sabi niya, "Mr. Branham, "aniya, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia." 65 Sabi ko, "Sir, ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita, at Siya ang Salita." Opo. Ang sabi niya, "Buweno, Siya'y nasa… Hindi nagkakamali ang iglesia."

Sabi ko, "Hindi Niya sinabi iyon, ngunit sinabi Niyang ang Salita ay hindi nagkakamali." 66 Aniya, "Buweno, dati'y itinuturo namin ang bautismo sa ganiyang paraan at iba pa." Ika ko, "Kailan?" Aniya, "Noong mga sinaunang araw." 67 Sabi ko, "Tinatanggap mo ba na iyon ang iglesiang Catolico?" Ang sabi niya, "Oo." 68 Sabi ko, "Kung gayo'y Catolico ako, makalumang Catolico. Naniniwala ako sa makalumang paraan. Kayong mga nasa araw na ito ang nagpagulo nito. Halos wala kayong itinuturo na nasa Kasulatan: pakikipamagitan sa mga babae, at sa mga patay, at iba pang mga bagay na ito, at, naku, ang di-pagkain ng karne, at hindi ko na alam kung ano pa." Kita n'yo? Sabi ko, "Hanapin mo nga iyan sa Kasulatan para sa akin." 69 Sabi niya, "Hindi kailangang nariyan 'yon. Hangga't sinasabi ng iglesia, iyon na 'yon. Hindi mahalaga kung ano ang sinasabi niyan, ang sinasabi ng iglesia ang mahalaga." 70 Sabi ko, "Sinabi ng Biblia na sinumang magdagdag o magbawas ng isa mang salita rito, aalisin ang kaniyang bahagi sa Aklat ng Buhay." Kaya ang Salita ang mahalaga; naniniwala ako sa Salita.

31 Ngayon, kung sinasabi ng Amos, at ng iba pang Kasulatan na umaayon dito, na kung… At alalahanin n'yo na tinatalakay lang natin ang mga pinakamahahalagang bahagi nito. Sadyang… Naku, kapag pumapasok ako sa silid na iyon at dumarating ang pahid, kung maisusulat ko lang ang Kaniyang—lahat ng nagaganap, mananatili ako rito ng tatlong buwan sa pagtalakay ng isa sa mga Tatak. 72 Kaya tinatalakay ko lang ang mga bahaging iyon at inihahayag kung ano'ng sa wari ko'y hindi makabibilaok sa mga tao, ngunit hindi naman hanggang sa masaktan sila, ngunit upang kapag pinaniwalaan nila ay magkalasa ito. Alam n'yo na ang ibig kong sabihin.

32 Ngayon, masdan n'yo ito ngayon. "Kung hindi gagawa ng anuman ang Diyos," sabi ni Amos, "malibang ihayag Niya muna ito sa Kaniyang mga lingkod na propeta," at nakikita natin kung ano ang Kaniyang ginagawa, malamang ay naghahanda Siyang gumawa ng isang bagay, sa ipinahahayag Niya ngayon. Naghahanda ng kumilos ang Diyos sa tagpo sa paghuhukom; sa paniwala ko. Nakahanda na Siyang gumawa ng isang bagay. At isa na naman itong bagay na nagpapatotoo: tunay na nasa huling araw na tayo; nasa dulo na

tayo ng kapanahunan, ang Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea. Dahil ang mga bagay na ito ay mahahayag lamang sa huling araw.

33 Ngayon, isipin n'yo lang iyan ngayon. Sikapin lang nating papasukin kung ano ang sa paniwala nati'y nais na ipaalam sa atin ng Espiritu Santo. 75 Ngayon, tandaan n'yo, walang maaaring maihayag, walang anumang gagawin ang Diyos malibang ipahayag Niya muna sa Kaniyang mga lingkod na propeta. At bago Siya gumawa ng anumang bagay, ipinahahayag Niya ito, at kapag ipinahayag na Niya ito, maaari n'yong tandaan ito: may isang bagay na paparating. Kita n'yo? Ito'y naipahahayag na.

34 At ang mga bagay na ito na pinag-uusapan natin ay nakatakdang maihayag sa huling araw, bago

tumunog ang huling pakakak, sa dulo ng mensahe ng huling kapanahunan ng iglesia. Tama. Kung gusto n'yo 'yan basahin, maaari n'yong buklatin sa… Inyong… Kababanggit ko lang niyon kagabi ng dalawa o tatlong beses, Apocalipsis 10:1-7 (Kita n'yo?): "At sa mga araw ng pagtunog ng mensahe ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Diyos ay mahahayag at magaganap na." At may isang bagay na lang na natitira kapag nabuksan na ang Aklat na ito na may Pitong tatak, at ang buong hiwaga ng Diyos, aba'y, sinaliksik natin ito sa maraming taon, at ayon sa Kasulatan hindi ito maaaring maunawaan kundi sa araw na ito, dahil ito'y itinago. 77 Nakita natin ang simbulo, kung paano ito ipinakita sa simbulo, ngunit hindi ito maihahayag nang tama malibang dumating ang huling araw. Kita n'yo? Ngayon, kung gayo'y malamang na narito na tayo sa huling panahon.

35 Ngayon, tandaan n'yo, huwag ninyong kalilimutan ngayon na wala Siyang anumang gagawin malibang ihayag Niya muna; at huwag n'yo ring kalilimutan, na ginagawa Niya ito nang ganu'n kasimple na ito'y hindi napapansin ng mga pantas at matatalino. Ngayon, kung gusto n'yong markahan iyan, iya'y sa Mateo 11:25, 26. At… Tandaan n'yo, wala Siyang gagawin malibang ihayag Niya muna, at ipinapahayag Niya ito sa paraang hindi nakikita ng mga matatalino, at edukadong tao. Tandaan n'yo, karunungan ang hinangad ng sanlibutan sa halip ng Salita nang maganap ang unang pagkakasala. Huwag n'yo 'yang kalilimutan ha. Oh, gaano tayo dapat magpasalamat na mantakin mong… Ngayon, tignan n'yo lang ang mga bagay na nangyari; tignan n'yo ang mga bagay na sinabi Niya sa atin; tumingin kayo rito sa Tabernakulong ito, kayong mga taong kasama naming lumago rito.

36 Ngayon, hihilingin kong ang mga tape ay… Buweno, ipagpatuloy n'yo na lang at kunin n'yo ito. Ngunit tignan n'yo, sasabihin ko lang ito sa mga taga-Tabernakulo, kayong matagal nang naririto: Inuutusan ko sinuman sa

inyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo na magturo ng isang bagay sa daan-daang mga bagay na nabanggit bago pa maganap at sabihin n'yong hindi ito naganap. Sabihin n'yo sa akin kung may isa mang pagkakataon sa entablado, sa labas o saan man, na nangusap Siya ng anuman na hindi nangyari nang ganu'ng-ganu'n.. Paanong… Maaari bang magkagayon ang isip ng tao? Tiyak ngang hindi.

37 Nang nagpakita Siya doon sa ilog tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan nitong darating na Hunyo sa anyo ng isang Liwanag, kayong mga matatagal na, naaalala n'yo na sinabi ko sa inyo mula pa nung bata ako ang tinig at ang Liwanag na iyon, at akala ng mga tao na medyo wala ako sa katinuan; siyempre, ganoon din marahil ang iisipin ko kung iba ang nagsabi nito. Ngunit ngayon, hindi n'yo na 'yon kailangan pang pagtakhan, at hindi na nagtaka ang iglesia mula noong 1933. 81 Doon sa ilog nung araw na iyon kung saa'y nagbabautismo ako ng daan-daang tao, natatandaan ko pa nang sabihin sa akin ng batang Mayer na iyon, aniya, "Lulusong ka ba upang ilulublob ang mga taong iyon, Billy." Si Jim Mayer na taga-rito, palagay ko'y patay na siya ngayon. Wari ko'y pinatay siya; may babaeng bumaril sa kaniya. Ngunit tinanong niya ako," Ilulublob mo ba ang mga taong iyon?" 82 Sabi ko, "Hindi po, babautismuhan ko sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus."

38 At may isang babaeng kasama sa grupo. Sabi niya sa isa pang babae; aniya—nagsalita siya patungkol dito. Sabi niya, "Buweno, ayos lang sa akin ang mailublob"; aniya, "ayos lang; wala 'yong anuman sa akin…" 84 Sabi ko, "Bumalik ka at magsisi. Hindi ka karapat-dapat na mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo." 85 Hindi ito isang bagay na dapat laruin. Ebanghelyo ito ni Cristo, na inihayag sa pamamagitan ng isang komisyon, ang Salita. Ngayon… Sinasabi n'yo, "Walang kabuluhan," at "Kalokohan," maaaring ipatungkol n'yo ito sa ibang panahon; ngunit tandaan n'yo, ipinangako sa Salita na ito'y magaganap, at ganap ngang magkakagayon, at heto na ngayon.

39 At doon nung araw na iyon, habang nakatayo sila sa ilog, dumating ang Anghel ng Panginoon na sinabi ko sa inyo na parang isang bituin o kung anong bagay sa malayo, at lumapit Ito, at sinabi ko sa inyo kung ano'ng hitsura ng emerald na Liwanag, at doo'y bumaba Ito sa ilog kung saan ako nagbabautismo, at ang mga negosyante rito sa syudad ay nagtanong, "Ano'ng ibig sabihin niyon?"

Sabi ko, "Hindi iyon para sa akin; para iyon sa inyo; sa paniwala ko. Para sa kapakanan ninyo kaya ginawa iyon ng Diyos upang malaman ninyo na Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo." Dahil bata pa ako, parang bata, mga bente uno anyos, ayaw nila iyon paniwalaan (Kita n'yo?), dahil sobra 'yon para sa isang bata.

40 At nag-iisip ako; narito si Brother Roberson, isa sa ating mga trustees, nakita ko siya rito kani-kanina lang, sinasabi niya sa akin noong isang araw na nasa Houston siya nang makunan doon ang litrato na nakikita n'yo. At naroon ako sa debateng iyon. Nagsimula akong mangusap ng isang bagay tungkol do'n noong nakaraang gabi. Si Brother Roy lang ang—kasama ang isa pang lalaki, ang tanging may recorder sa grupo. Isa 'yong makalumang wire recorder (Nakikita ko na ngayon si Brother Roberson, at ang kaniyang maybahay), at itong si Mrs Roberson ay may sakit noon. 89 Isang beterano si Brother Roy, sumabog ang binti niya, at inihiga nila siya sa pag-aakalang patay na siya. Isa siyang opisyal sa Army. Tinamaan ng German eighty-eight ang tangkeng sinasakyan niya at napatay kaagad ang mga lalaking naroroon, at siya'y nagkalasog-lasog; inihiga nila siya sa pagaakalang matagal na siyang patay, at sabi nila hindi na

siya makalalakad pa dahil naputol ang dalawang binti niya, pati na ang mga ugat at iba pa. Naku, halos talunin niya ako sa paglakad ngayon. 90 Ngunit ano nga ba 'yon? Mayroon siyang nakitang isang bagay, at nagtungo siya sa Houston. At ikinukuwento niya sa akin ang tungkol sa misis niya. Siya ang mayroong recorder; ilalagay niya iyon sa isang tape, at pagkatapos ng mga gawain dito, aba'y, umaaasa ako na iparirinig niya iyon sa inyong lahat. At sa lumang recorder na iyon, nairecord niya ang mga gawain kong ginanap sa Houston. 91 At ang kaniyang maybahay, sabi niya ay naroon din, at hindi niya ito napansin hanggang noong sumunod na araw. Oh napakalungkot niya; may sakit siya, at gusto niyang makapunta sa prayer line. (Hindi nila ako kilala, at hindi ko pa rin sila nakita kailanman.) Nakaupo siya sa may bintana ng araw na iyon, nakatingin sa malayo at malungkot na malungkot, alam n'yo na, balisa, at naghahangad na makakuha ng prayer card para makasama sa pila; at nangyaring napasama siya sa pila nung gabing iyon o nung sumunod na gabi o mga ganu'n; wari ko'y nung gabi ring iyon. 92 At napasama siya sa pila, at pagkaakyat niya sa entablado, sinabi sa kaniya ng Espiritu Santo, "Ngayon, hindi ka taga-rito. Galing ka sa isang siyudad na kung tawagin ay New Albany." At sabi pa, "Nakaupo ka sa tabi ng bintana kanina at nakatingin sa malayo at nag-aalala kung papaanong

makakukuha ng prayer card." At iyon ay nasa tape, maraming taon na ang nakalilipas.

41 At sa pasimula ng gawain, naroroon na ang Espiritu Santo… Iyon ang unang gawain; mayroon lang kaming mga tatlong libong tao, at naging walong libo, at umabot ng mga tatlumpung libo. 94 Kaya doon sa… Habang nangungusap ako sa isa sa mga pinakaunang gawain, sabi ko, "Hindi ko alam kung bakit sinasabi ko ito (Ngayon, ito'y nasa tape.) ngunit magiging isa ito sa pinakamahalagang tagpo ng aking panahon. 95 May magaganap sa gawaing ito na magiging higit na dakila kaysa sa anumang nakita ninuman." At mga walo o siyam, o sampung gabi lang pagkatapos niyon nang magpakita ang Anghel ng Panginoon sa harap ng mga may tatlumpung libong tao, at Ito'y bumaba, at nakunan ng litrato; nariyan ito ngayon, at binigyan ito ng copyright sa Washington, D.C. bilang kaisa-isang supernatural Being na nakunan ng larawan sa buong mundo.

42 Pagkatapos ay nangusap ako tungkol sa, alam n'yo na, sinabi kong minsan sa ilalim ng discernment ay nasasabi kong, "Nalililiman ng kamatayan ang isang tao. May talukbong na aninong madilim. Malapit na silang mamatay." 97 At dito sa may East Pines—o wari ko sa Southern Pines, nang naroon ako nung huling gawain, may isang babaeng nakaupo roon; at may nagsabi sa kaniya, "Kunan mo kaagad ng litrato," nung kinakausap ko ang isang babae, at hayun na nga. Palagay ko'y mailalagay ito sa bulletin board, ilang panahon na nga itong naroroon. Naroon ang maitim na talukbong na iyon sa ulunan ng babae. 98 Kumuha siya ulit ng isa pang litrato pagkatapos na pagkatapos na iyon ay sabihin ng Espiritu Santo; wala na 'yon. Ang sabi, "Gagaling ka. Pinagaling ka na ng Panginoon. Wala na ang cancer." Hayun na nga, at gumaling na siya. Kita n'yo? Hayan. Kita n'yo, ipinakikita lang na alam ng Diyos kung anong oras na ng araw. Hindi natin alam. Kailangan lang natin Siyang sundin. 99 Ngayon, maaari tayong magsalita nang magasalita, ngunit dumako na tayo rito sa ilang sandali at talakayin natin ang nakaraang Tatak para maitugma natin do'n ang isang ito. 100 Ngayon, bilang pagbabalik-aral sa loob ng ilang sandali tungkol sa Unang Tatak.

43 Napansin natin sa pagbubukas ng Unang Tatak, na si Satanas ay nagkaroon ng isang super religious man. Napansin n'yo ba yung nakakabayong puti, na inakala nilang ang unang iglesia sa paghayo nito. Ngunit, ay naku, itinuro iyon sa loob ng maraming taon, ngunit hindi maaaring magkagayon. Masdan n'yo lang kapag ang iba pa sa mga ito ay napagdugtong-dugtong natin, at tignan n'yo kung saan ito hahantong. Kita n'yo? Ngayon… At hindi ko pa alam kung anong kalalabasan ng iba pa sa mga ito, ngunit alam kong darating at darating ito nang sakdal, dahil Katotohanan ito. Ito ang Katotohanan. Iya'y ang herarkiya ng iglesia ng Roma. Eksakto.

44 Ang mga taong ito na nag-iisip na ang mga Judio ang anticristo, malayung-malayo 'yon. Huwag na huwag n'yong isiping ang mga Judio ay anticristo. Sadyang binulag ang mga mata nila upang tayo ay makapasok, nabigyan tayo ng pagkakataong magsisi. Ngunit ang anticristo ay isang Hentil. Tiyak nga, isang mapagpanggap ng katotohanan: "Anti," "laban." 103 Ngayon, ang dakilang superman na ito… Oh, naging napakadakila niyang tao, at sa dulo ay nailuklok siya. At matapos na mailuklok, siya'y pinutungan. At ngayon, siya'y… Matapos no'n ay sinamba siya sa halip ng Diyos. 104 Ngayon, tignan n'yo, bago 'yon dumating… May itatanong ako sa inyo: Sino iyon? Ano ang lumukob kay Pablo sa II Mga Taga-Tesalonica 2:3, na nagsasabing darating ang taong iyon. Bakit tumingin ang lalaking iyon sa buong kapanahunan upang makita 'yon? Siya'y propeta ng Diyos. Tunay nga.

45 Bakit nga sinabi Niya na hayag na sinasabi ng Espiritu na sa huling panahon sila'y magsisitalikod sa pananampalataya at mangakikinig sa mapanghikayat (Alam n'yo kung ano ang "panghihikayat.")—isang mapanghikayat na espiritu na nasa iglesia? Iyan ay ministro, mapanghikayat na espiritu ng ministro, gawa ng mga diablo, mga pagpapaimbabaw sa iglesia, katigasan ng ulo, pagka-palalo (karunungan. Nakita n'yo? matalino, marunong), may anyo ng kabanalan (sige lang ang sabi, "Buweno, mga Cristiano tayo, kailangan nating magsimba.") may anyo ng kabanalan ngunit itinatanggi ang mga kapahayagan, ang kapangyarihan at gawa ng Espiritu, lumayo ka sa mga iyan.

46 Ngayon, pansinin n'yong sinabi niya, "Sapagkat sa mga ito ang nanganggagapang sa mga bahay at binibihag ang mga babaing haling (Ngayon, hindi nangangahulugan iyan na mga babae silang puspos ng Espiritu Santo.)—mga babaing haling na lipos ng mga kasalanan, hinihila ng mga iba't ibang pita." Iba't ibang pita, gusto nilang pasukin ang bawat mumunting

bagay na maaari nilang pasukin, at lahat ng uri ng samahan, at mamuhay sa anumang paraang naisin nila, at ganu'n pa rin, "Nagsisimba kami. Singbuti rin kami ng sinumang tao," nagpupunta sa mga sayawan, mga kasayahan, naggugupit ng buhok, nagme-make-up, nagbibihis ng anumang gusto nila, at nagsasabing, "Mga Pentecostal kami; singbuti rin kami ng sinumang tao." Oh, ang mga sarili n'yong gawa ang nagpapakilala sa inyo.

47 Pansinin, ngunit ang sabi niya, "Mga lalaking itinakuwil tungkol sa Katotohanan." Ano ang Katotohanan? Ang Salita, na walang iba kundi si Cristo… tungkol sa Katotohanan. 108 "Oh, ika'y… Ginagawa mong… Mangongontrol ka ng mga babae; galit ka sa mga babae; ginagawa mo ang ganito at ganiyan." 109 Hindi po. Mali iyan. Iyan ay kasinungalingan. Hindi ako galit sa kababaihan. Hindi po. Ako'y… Mga kapatid ko sila—kung sila'y mga kapatirang babae. 110 Ngunit ang bagay na aking… Ang pag-ibig ay mapagtuwid. Kung hindi ito mapagtuwid, hindi ito pag-ibig. Kung gayon ito, kung gayo'y—kung pag-ibig man ito, ito'y—ito'y makataong pag-ibig at hindi maka-Diyos, iyan ang sasabihin ko sa inyo. Maaaring magkaroon ka ng kaunting makataong pag-ibig sa isang magandang dalaga, ngunit iba ang maka-Diyos na pag-ibig. 111 Iyon ang pag-ibig na nagtutuwid at kakatagpo sa Diyos sa dako pa roon kung saan ay maaari tayong mabuhay magpasawalang-hanggan. Kita n'yo? Ang ibig kong sabihin, marahil ay hindi ayon sa pagkakasabi ko, ngunit ako'y… Alam n'yo, kung anong… Umaasa akong nauunawaan n'yo. Sige. Ngayon…

48 Ngunit tandaan n'yong sinabi niya, "Kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga ito. Ngunit ang kanilang mga kahangalan ay mabilis na nahayag." Bakit? Nang atasan si Moises na gumawa ng isang bagay na tila radikal, pumaroon siya nang buong katapatan, at sinabi ng Diyos sa kaniya na kunin ang tungkod at ito'y ihagis, at ito'y magiging isang ahas. 113 At ginawa Niya iyon para ipakita sa kaniya kung ano'ng mangyayari. At tumayo siya sa harap ni Faraon ayon sa iniutos sa kaniya ng Diyos at inihagis niya ang tungkod, at ito'y naging isang ahas.

49 At walang dudang sinabi ni Faraon, "Mahinang klaseng pagsasalamangka." Kaya't umalis siya at sinundo ang kaniyang Janes at Jambres, aniya, "Magagawa rin namin ang mga bagay na iyan." At inihagis nila ang kanilang mga tungkod, at ito'y naging mga ahas. Ngayon, ano'ng maaaring gawin ni Moises? Ano iyon? Ito'y para ipakita sa kaniya na sa

bawat tunay na bagay ng Diyos, may manggagaya ang diablo. Nanggagaya siya para ilihis ang mga tao. 115 Ano'ng ginawa ni Moises? Sabi niya, "Buweno, palagay ko'y nagkamali ako; mainam sigurong bumalik na lang ako." Hindi siya kumilos dahil ganap na niyang sinunod ang utos sa kaniya. At pagdaka'y, kinain ng ahas ni Moises yung isa. Kita n'yo? 116 Naisip n'yo ba kung anong nangyari do'n sa isang ahas? Saan siya napunta? Dinampot ni Moises ang tungkod at umalis na dala-dala ito. Gumawa siya ng mga himala sa pamamagitan niyon. 117 At ang ahas na iyon ay nasa loob ng tungkod na 'yon. Kamanghamangha, di ba? Opo.

50 Ngayon, unti-unting nahahayag ang anticristo. Gusto kong pansinin n'yo. Ngayon, kung kayong naririto… Ngayon, sa mga kaibigang kong Catolico, maupo lang kayo nang tahimik sandali… 119 At ngayon… Makikita natin kung saan naroroon nakatayo ang mga Protestante, kung nasaan tayong lahat. Kita n'yo? Pansinin n'yo, ang unang iglesia… Nang sabihin ng iglesiang Catolico na sila ang unang orihinal na iglesia, talagang tama sila; sila nga. Nagsimula sila sa Pentecostes. Doon nagsimula ang iglesiang Catolico. 120 Ngayon, di ko halos mapaniwalaan 'yan dati hanggang sa magbasa ako ng kasaysayan, at natuklasan kong tama 'yon. 121 Nagpasimula sila sa Pentecostes, ngunit nagsimula silang magpatianod. At nakikita n'yo ba kung nasaan na sila ngayon? At kung magpapatianod ang Pentecostes simbilis ng nangyayari sa kanila ngayon, hindi nila kailangang abutin ng dalawang libong taon. Sa loob ng sandaang taon mula ngayon, magiging mas malayo pa sila kaysa sa iglesiang Catolico. Tama.

51 Ngunit pansinin n'yo kung paanong ang nakakabayong puti na ito… (Ngayon, nagbibigay lang tayo ng kaunting background hanggang sa matumbok natin ang Tatak na ito.) Ngayon, pansinin n'yo itong nakakabayong puti. Nang siya'y lumabas, nanungkulan siya sa tatlong yugto. 123 Ang diablo, siya'y nasa trinity na tulad ng Diyos, gaya ng pinatunayan ko sa inyo nung nakaraang gabi, ngunit ito'y ang diablo sa lahat ng pagkakataon sa tatlong yugto. 124 Pansinin ninyo ang kaniyang mga yugto: Sa unang yugto ng kaniyang pagdating, bumaba ang Espiritu Santo, at pare-pareho ang taglay ng mga tao. At napasakanila ang Espiritu ng Diyos, at nagbabahay-bahay ang mga apostol

na nagpuputol-putol ng tinapay kasama ng mga tao, at may namalas na mga dakilang tanda at kababalaghan. 125 At—at bigla na lang nagpasimula si Satanas ng bulung-bulungan. At nang maglaon ang mga alipin at mga mahihirap na nakatanggap ng Espiritu Santo ay nagsihayo sa iba't ibang dako at nagpatotoo. Nagsipagpatotoo sila sa kanilang mga amo.

52 At nang maglaon nagsimula nang dumating ang lahat gaya ng mga kapitan ng army at… At nagpasimulang makita ng iba't ibang mga tao, ng mga kilalang tao ang kagitingan at ang mga himala at mga tanda na ginawa ng mga taong ito, kaya tinanggap nila ang Cristianismo. Buweno, nang magkagayon (Nauunawaa n'yo ba?), nang yakapin nila ang Cristianismo at pumunta sila sa lugar ng kanilang pagtitipon sa isang maliit, luma, madilim at maruming bulwagan, at nagpapalakpakan at sumisigaw at nagsasalita sila ng iba't ibang wika at tumatanggap ng mga mensahe, aba'y, hindi nila iyon madadala sa kanilang kakumpitensya o iba pa sa kanilang negosyo. Hindi nila paniniwalaan iyon nang gayon (Tiyak ngang hindi.), kaya kinailangan nila iyong pagandahin.

53 Kaya nagsimula silang magsama-sama at mag-isip, "Ngayon, bubuo tayo ng isang bagay na medyo kakaiba." 128 At sa unang kapanahunan pa lang ng iglesia ay sinabi na kaagad ni Jesus sa kanila, dito sa ikalawang kabanata ng Apocalipsis, "Mayroon Akong laban sa iyo, dahil sa mga gawa ng Nicolaitanes." "Nico," "sakupin ang karaniwang mananampalataya." 129 Sa ibang salita, gusto nilang gumawa… Sa halip na magkaisa ang lahat, gusto nilang gumawa ng ilang banal na tao. Hinangad nilang gumawa ng isang uri ng… Hinangad nilang itulad ito sa paganismo na kanilang pinagmulan, at sa dulo'y naisagawa nila ito. 130 Ngayon, tignan n'yo. Unang Nicolaita. Tinawag sa Biblia na anticristo ang Nicolaita, dahil laban ito sa orihinal na turo ni Cristo at ng mga apostol.

54 Ayokong banggitin ang pangalan ng lalaking ito. Isa siyang tanyag na lalaki. Ngunit nasa pagtitipon niya ako dito ilang taon pa lang ang nakalilipas, at alam niyang naroon ako, dahil kinamayan ko siya. At sabi niya, "Alam n'yo, mayroon tayo sa araw na ito ng kung tawagin nila ay mga Pentecostal." At aniya pa, "Nakasalig sila sa Aklat ng Mga Gawa." At sabi niya, "Kita n'yo, ang Mga Gawa ay nagsilbi lamang na isang andamyo para sa iglesia." Maiisip n'yo ba na magsasabi ng ganyan ang isang lalaking nag-aral ng Biblia, isang magiting na lalaki, at nagsaliksik ng Biblia na tulad niya?

Tila—parang wala ang Espiritu Santo, walang-wala talaga; dahil malalaman ng sinumang may likas na pang-unawa na ang Mga Gawa ng Mga Apostol ay di gawa ng mga apostol; ito'y mga gawa ng Espiritu Santo na nasa mga apostol.

55 Hindi n'yo ba alam kung paano natin 'yon itinulad sa mga kapanahunan ng iglesia, ang mga nilalang na buhay na iyon na nakabantay sa kabang iyon: ang Mateo, Marcos, Lucas at Juan na nakatayo roon at nagbabantay. 133 At napapaloob do'n ang nangyari bilang resulta ng isinulat nina Mateo, Marcos, lucas, at Juan. Iyon ang unang iniusbong na sanga ng puno, at iyon ang nangyari. 134 At kung mag-uusbong muli ng panibagong sanga ang punong iyon, susulat sila ng isa pang aklat ng Mga Gawa bilang pagpapatunay dito. Dahil kita n'yo, dapat iisang Buhay ang naroroon.

56 Kaya ngayon, kapag tumingin tayo sa ating mga iglesiang makadenominasyon: mga Methodists, Baptists, Presbyterian, Lutheran, Church of Christ (sa turing), at mga Pentecostal at iba pa, saan natin 'yon makikita? Hindi mo makikita. 136 Aaminin ko na ang mga Pentecostal ang pinakamalapit dito, dahil narito sila sa Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea. Nakatanggap sila ng Katotohanan ngunit tinanggihan nila. Naging mala-hininga sila ro'n, at isinuka sila ng Diyos mula sa Kaniyang bibig. Ayon na ayon 'yan sa Kasulatan. Hindi mo mapagsisinungaling ang mga Kasulatan. Kita n'yo? Magiging makatotohanan ito sa tuwina. Huwag n'yong subuking… 137 Ang dapat n'yo lang gawin, huwag n'yong iayon ang inyong kaisipan sa—o ang mga Kasulatan sa inyong kaisipan, kundi iayon n'yo ang inyong sarili sa mga Kasulatan. Iya'y… Kung magkagayo'y kasundo mo ang Diyos. Gaano man karami ang kailangan mong tagpasin o iisantabi, humanay ka r'on.

57 Tignan n'yo ang ginawa nito nang una itong lumagpak. Buweno, kung kumilos ang Diyos ng ganu'n nung una, kailangan Niyang kumilos ng ganu'n sa ikalawang pagkakataon. Kailangang kumilos Siya ng gayon sa bawat pagkakataon, o mali ang ikinilos Niya sa una pa lang. Kita n'yo, tayo bilang mga mortal ay makagagawa ng mga pagkakamali. Hindi ang Diyos. Ang unang desisyon ng Diyos ay sakdal. At wala nang mas mainam pang paraan kaysa sa Kaniyang paraan ng pagpili ng mga bagay. Hindi Niya ito mapabubuti pa, dahil sa simula pa'y sakdal na ito. Kung hindi ganu'n, hindi Siya impinit.

At kung Siya'y impinit, kung gayo'y alam Niya rin ang lahat ng bagay. At kung alam Niya ang lahat ng bagay, kung gayo'y kaya Niya ring gawin ang lahat ng bagay. Amen. Kailangang maging gayon Siya para maging Diyos. Kita n'yo? Kaya Kaniyang… Hindi mo maaaring sabihin, "Higit Siyang natuto." Hindi Siya higit na natuto; Siya—Siya ang pinakabukal ng lahat ng karunungan.

58 Galing kay Satanas ang karunungan natin dito. Namana natin ito mula sa Eden kung saa'y ipinagpalit natin ang pananampalataya sa karunungan. Iyon ang ginawa ni Eba. 141 Ngayon, una ay tinawag siyang anticristo. Sa ikalawang yugto, tinawag siyang bulaang propeta, dahil nagkatawang tao ang espiritung iyon na nasa kalagitnaan ng mga tao. Natatandaan n'yo na ang nakakabayong puti ay walang putong nang siya'y magsimula, ngunit siya'y pinagkalooban ng isang putong. Bakit? Siya ang espiritu ng Nicolaitanes sa pasimula pa lamang. Pagkatapos ay nagkatawang tao siya sa isang lalaki, at siya'y pinutungan, at tumanggap ng isang trono, at pinutungan. 142 At ginampanan niya iyon sa loob ng mahabang panahon, gaya ng makikita natin sa pagbubukas ng mga Tatak, at nakita natin na pagkatapos

ng mahabang panahong iyon ay sinipa sa langit si Satanas. At bumaba siya, ayon sa Kasulatan at iniluklok ang kaniyang sarili. Isipin n'yo lang, iniluklok niya ang kaniyang sarili sa lalaking iyon at naging isa siyang hayop. At nagkaroon siya ng kapangyarihan, tulad sa kataas-taasang kapangyarihan, na nagawa niya ang lahat ng mga himala at bawat bagay na may—ang mga pagpatay at mga madugong labanan at lahat na—na naisagawa ng Roma.

59 Tama. Pumatay siya sa pamamagitan ng malupit na pagpaparusa ng mga Romano. Tanging… Oh, maaari tayong pumasok sa ilang mga Kasulatan dito. Tandaan n'yo, namatay si Jesus sa ilalim ng pagpaparusa ng Roma: parusang kamatayan. Ang mensaheng nasa puso ko para ipangaral dito sa susunod na gawain sa Biyernes Santo ng hapon ay kinapapalooban ng tatlo o apat na bagay. Kita n'yo? "Doon ay Ipinako Nila Siya." Doon, ang pinakabanal, pinakarelihiyosong dako ng mundo ay ang Jerusalem. Sila, ang pinakabanal (dapat sana) na mga tao sa mundo, ang mga Judio. Doon ay ipinako nila, ang pinakamalupit na kaparusahan na maaaring isagawa ng Roma. Ipinako Siya. Ano? Ang pinakadakilang taong nabuhay: Doon ay ipinako nila Siya. Ay, naku. 144 Tulungan mo ako o Diyos na maipaabot ito sa grupong iyon ng mga negosyante upang maipakita sa kanila kung saan sila nakatayo. Tama.

Ngayon, hindi upang maging iba, hindi upang maging malupit, ngunit upang iyon ay yugyugin hanggang sa makita ng mga kapatid na iyon na ang kanilang mga dignitaryo at mga banal na ama at iba pa na isinusulat nila dito sa Business Man's Journal ay walang kabuluhan. Hindi dapat tinatawag ng mga Cristiano ang sinuman na "Ama." Sinimulan nila iyan… Sinikap kong tulungan sila sa abot ng makakaya ko (nakikita n'yo kung saan nakararating ang tape na ito, kaya) tapos na ako. Tunay ngang ayaw ko nang magkaro'n ng anumang kinalaman do'n. Tama.

60 Una, tandaan n'yo si Cristo. Una bilang Nic—Nicolaita. At ano ang hinihingi ng kapanahunan ng Nicolaita? Hiningi nito na makalayo sa lupon ng mga tao na sumisigaw, nagpapalakpakan at kahiya-hiya ang hitsura—tulad nila nung Pentecostes, umasta silang parang mga lasing, pasuray-suray sa Espiritu at iba pa. Ayaw nila ng anumang ganu'ng bagay. Sinabi nilang sila'y mga lasing. 147 At nang ang mga sikat na tao… (Makinig kayo, huwag n'yong palampasin ito. Maaaring tila kabaliwan ito, ngunit ito ang Katotohanan.) Nang magsimulang dumating ang mga dignitaryo, hindi nila kayang bumaba sa gayong bagay. Kaya dakila ang Diyos dahil napakadakila ngunit nagawa Niyang magpakumbaba. Iyon ang nagpadakila sa Kaniya. Wala nang mas dadakila pa kaysa sa Kaniya, subalit nagpakababa Siya ng higit kaysa sa magagawa o ginawa ng sinumang tao. Siya ang Hari ng kalangitan, pagkatapos ay nagtungo Siya sa pinakamababang siyudad sa mundo, sa Jericho. At nagpakababa Siya nang husto na anupa't kinailangang yumuko sa Kaniya ang pinakamababang tao sa bayan para makita Siya. Tama ba? Si Zaqueo. Tama. Binansagan Siya ng pinakapangit na pangalan na maaaring ibansag sa isang tao: isang mangkukulam, isang diablo, Beelzebub. Ganiyan ang palagay ng mundo sa Kaniya.

61 Namatay Siya sa pinakamalupit na kaparaanan. Walang dakong mahiligan ng Kaniyang ulo, sinipa ng bawat organisasyon. Ngunit nang itinaas Siya ng lubos ng Diyos, kinailangan Niyang yumuko para makita ng kalangitan…?... Ang Diyos sa kapakumbabaan. Kita n'yo? At binigyan Niya Siya ng isang Pangalang napakadakila na ang buong pamilya sa langit, at bawat pamilya sa lupa ay ipinangalan sa Kaniya. 149 Lahat ng pamilya sa lupa ay pinangalanang "Jesus." Lahat ng mga pamilya sa langit ay pinangalanang "Jesus." At isang Pangalang yuyukuran ng bawat tuhod at ihahayag ng bawat dila na Siya ang Panginoon, maging dito o

sa impyerno man. Luluhod ang impyerno dito. Lahat ng iba pa ay luluhod dito. Kita n'yo, ngunit nag-umpisa 'yon sa kapakumbabaan, at pagkatapos ay naging dakila. Kita n'yo? Hayaan n'yong ang Diyos ang magtaas. Siya na nagpapakumbaba, ay itataas ng Diyos. Kita n'yo?

62 Ngayon, napansin natin na ang "Nico" na espiritung ito ay nagnasa ng karunungan, mas marunong. Kailangan nitong mangatuwiran tulad noon sa Eden, mangatuwiran laban sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng karunungan; at nalinlang nito ang iglesia. Ano 'yon? Ngayon, sabihin nating—ihalimbawa natin ang iglesiang ito at kumuha tayo ng isang lupon ng mga taong tulad natin, halimbawa hindi pa kayo tunay na puspos ng Espiritu. At sabihin nating… 151 Ngayon, wala akong anumang laban sa alkalde ng bayan natin, palagay ko'y hindi ko siya kilala, si Mr. Bottorff. Siya pa rin ba ang alkalde? Kita n'yo, hindi ko na… Kita n'yo? Si Mr. Bottorff ay isa kong mabuting kaibigan. Kita n'yo? Ngunit sabihin nating ang alkalde ng bayan at ang buong kapulisan at lahat ng opisyal ay nagsisimba rito. Mamamalayan n'yo na lang, kung may munting bagay silang naiisip at nagsimula silang makipagusap sa Board at sa mga taong naririto, at magsasabing, "Ngayon, alam n'yo? Dapat ay maiba itong ganito…" Kung hindi kayo puspos ng Espiritu at wala kayong lalaking tunay na puspos ng Espiritu sa likod ng pulpito, mapapansin n'yo na lang na lulugurin n'yo sila. Marahil hindi ang henerasyong ito, marahil ay ang susunod na henerasyon.

63 At ganu'n 'yon nagpasimula. Kita n'yo? Bakit? Ang sinasabi nila, "Tignan n'yo, ito'y makatuwiran." Ma—makikinig kayo rito. Sabihin nating may isang papasok dito na magsasabing, "Masyadong maliit ang simbahang ito. Magtayo tayo ng isang malaking simbahan. Ipagtatayo ko kayo dito; magiging ganito ang halaga nito—kalahating milyong dolyar ang ilalagay natin do'n. Ito'y ipapa-broadcast ko." Kapag ginawa nila iyon, mayroon na silang maipangsusumbat—siyam sa sampu. Alam n'yo na ang ganu'ng klase. 153

Mamamalayan n'yo na lang, pag ginawa niya 'yon, patatakbuhin niya ang mga bagay-bagay para umangkop sa gusto niya. Hindi kayo makapagsasalita dahil yaong si Brother John Doe tagapagtustos ng simabahang ito. Kita n'yo? At mayroon kayong Ricky na nanggaling sa kung saang seminaryo na walang kamuwang-muwang sa Diyos, at sasang-ayon siya ro'n, at lulugurin niya ang lalaking iyon, dahil palagi siyang ibinibili ng bagong kotse, ipinapasyal siya, at ibinibili ng ganito, ganiyan, at iba pa. At ganiyang-ganiyan 'yon nagsimula. Tama.

64 Pansinin n'yo, karunungan at katalinuhan… Sabi nila, "Ngayon, tignan n'yo. Hindi ba't makatuwiran lang na… Ngayon, e ano ba kung papaano inaayos ng ating kababaihan ang kanilang buhok?" Ngunit sinasabi ng Biblia na mahalaga ito. Kunin n'yo lang ang isang iyan, liban pa sa daandaang iba pa. Kita n'yo? Ito ay mahalaga. Sinabi ng Diyos na ito'y mahalaga, kaya ito'y mahalaga. 155 Ngunit kita n'yo, kapag iyon ay napasimulan nila (at ang Lupon ng mga Trustee at mga diyakuno at iba pa), kamukat-mukat n'yo, kundi mananatili ang pastor aalis na lang siya. Ganu'n lang. Kita n'yo, ang mga tao ang nagpasiyang iyon ay papasukin.

65 Sige, pansinin n'yo ngayon, nagsimulang kumilos ang espiritung iyon at ang iglesia ay nagkaroon ng maraming dignitaryo, napakaraming naglalakihang mga bagay, at nagsimulang dumami ang pera hanggang nang maglaon ay nakinig na sila ro'n at nabitag ng katusuhan ng diablo. At iyon din ang ginawa ni Eba sa halamanan ng Eden. Ngayon, naririnig n'yo na 'yon; tama. 157 Tignan n'yo, ang natural na babae, ang nobya ni Adan, bago niya siya lapitan bilang asawa, nahulog siya sa patibong ni Satanas na laban sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pangangatuwiran dito. Bago sumiping si Adan kay Eba bilang asawa, naunahan siya ni Satanas. Tama. Narinig n'yo "Ang Punong Nobya" na ipinangaral ko, nangungusap 'yon tungkol dito. (Kita n'yo?) Tama. 158 Ngayon, pansinin n'yo, doo'y nalinlang si Eba ng pangangatuwiran. Ngayon, sinikap ni Satanas na iyon ay pangatuwiranan. At ang sabi niya, "Ngunit sinabi ng Panginoon…" 159 Sabi niya, "Oh, alam mo, tiyak na hindi gagawin iyon ng Panginoon. Naiintindihan mo? Dapat maging matalino ka, may kailangan kang malaman. Aba'y, isa ka lang walang alam na anak. Naiintindihan mo? May kailangan kang malaman." Kung hindi ba naman iyan si Satanas… Ay, naku. Kung hindi ba naman ganiyan ang ilan sa mga modernong… Kita n'yo? "Oh, isa lang silang bungkos ng mga holy-roller; huwag n'yo silang pansinin." Kita n'yo? Huwag kayong pupunta…"

66 Ngayon, ang natural na unang nobya ng sangkatauhan, bago siya masipingan ng kaniyang asawa, nahulog siya sa biyaya sa pakikinig sa kasinungalingan ni Satanas matapos siyang ikubli ng Diyos sa likod ng Kaniyang Salita. Kung nanatili lang siya sa likod ng Salita, hindi sana siya nahulog. Ngayon, iyan ay sa natural. Pansinin n'yo, ang natural na babae. At

ano nga ba ang sumpa? Ang aktuwal na sumpa sa paglabas sa likod ng Salita ng Diyos… 161 Ngayon, tandaan n'yo, pinaniwalaan niya ang halos nobenta'y otso porsyento Nito, ngunit isa lang ang kailangan mong pabayaang mawala. Kita n'yo? Pinaniwalaan niya ang karamihan Nito. Oh, tunay nga. Sinabi niya ang ganito, at inamin ni Satanas na tama 'yon. Kung magagawa lang niyang gipitin kayo sa isang sulok, iyon lang ang gusto niya. Kita n'yo? 162 Ang kailangan mo lang gawin ay bahagyang ilihis nang paganito ang bala, at hindi na ito tatama sa puntirya. Kita n'yo? Iyon lang. Ngayon, pinaniwalan niya ang karamihan nito, ngunit pumalya pa rin siya.

67 Ngayon, at ang naging resulta, dahil iniwan niya ang Salita sa isang napakaliit na pangangatuwiran… Paano na ngayon, "Paano naman ang mga kababaihan? o, Bakit gusto mong mangusap tungkol sa ganiyang bagay? Ngunit anuman sa mga mumunting bagay na iyon… 164 E ano ba kung ito man ang unang katibayan…" May kung ano rito. Kailangan mong… 165 Kailangan itong maituwid. Nagsapantaha lang tayo hinggil do'n sa halos buong pitong kapanahunan ng iglesia, ngunit dumating na ang oras na ang Diyos na ang nangungusap. At hindi lang Niya ito ipinangungusap, kundi ipinakikita Niya ito, binibindika at pinatutunayan. Tama. Kung hindi Niya ito ginagawa, kung gayo'y hindi ito ang Diyos; iyon lang. Sinusuportahan ng Diyos ang Kaniyang Salita. 166 Pansinin ngayon. Ngayon, ang natural na babae ang naging dahilan ng natural na kamatayan, dahil nakinig siya sa pangangatuwiran para tumalino— upang tumalino sa halip na manatili sa likod ng Salita at gawin kung ano ang sinabi ng Diyos na gawin niya. Nagnasa siya ng karunungan upang maging matalino, at nakinig sa pangangatuwiran, at naipahamak niya ang buong sangkatauhan. Kita n'yo?

68 Ngayon, sa pagkakataong ito naman ang espirituwal na babae, ang Nobya ni Cristo na nagpasimula sa araw ng Pentecostes sa pamamagitan ng unang apostolikong iglesia, ay nawalan din ng ganu'ng bagay sa Konseho ng Nicaea. Lee, alam mong tama iyon. At doon sa Konseho ng Nicaea ay ipinagpalit niya ang kaniyang espirituwal na pagkapanganay upang tanggapin ang naglalakihang simbahan ni Constantine sampu ng mga bagay na inialok niya sa kanila; at ipinagbili niya ang kaniyang Iskriptural na pagkapanganay kapalit ng isang bungkos na mga dogma ng Roma. 168 Ngayon, masakit iyan para sa mga Catolico, ngunit ganiyan din ang ginawa ng Protestante. Ikinatawan sila dito sa Biblia bilang anak na babae

ng—isang anak na babaeng bayaran ng patutot. Tamang-tama iyon. Bawat isa sa kanila… 169 Walang hindi kasama, ngunit mula roon ay palaging may kaunting naiiwan na bubuo sa Nobya. Pansinin

n'yo, naiwala niya ang kaniyang pagkapanganay (Kita n'yo?), bago siya masipingan ng kaniyang asawa (Kita n'yo?); naiwala niya ang kaniyang kalinisan bago ang kasalan.

69 At ngayon, natatandaan n'yong doon ay sinabi niya, "Nakaupo akong tulad ng isang reyna; hindi ako nangangailangan ng anuman," sa Kapanahunang iyan ng Laodicea. "Ako'y mayaman at nagkamit ng mga kayamanan," at iba pa, "At oh, tinitingala ako ng buong mundo. Ako ang dakilang banal na iglesia," at iba pa. "Ganito kami." Ang buong kapanahunan… 171 At sinabi Niya, "Hindi mo nalalamang ikaw ay hubad, bulag, aba, maralita, dukha, at hindi mo ito nalalaman." Iyan ang kalagayan. 172 Ngayon, kung sinabi ng Espiritu Santo na magiging gayon ang kalagayan sa huling mga araw, ganu'n na nga iyon. Hindi mo na ito maiiwasan pa. Ganu'n na nga. 173 Ngayon, masdan n'yo. Ngayon, nang ipagbili niya ang kaniyang pagkapanganay noon, ang kaniyang marangal na karapatan sa Salita, ano ang kaniyang ginawa? Nang gawin 'yon ni Eba, naiwala niya ang lahat ng nilalang; ang buong nilalang ay nahulog sa ilalim niya. Ngayon, pansinin n'yo, at nang gawin 'yon ng iglesia, nang tanggapin niya ang mga dogma sa halip ng Espiritu at Salita, nasumpa ang buong sistema. Bawat sistemang makadenominasyong naitatag o darating pa lang ay naisumpang kasama nito at nahulog, dahil wala nang iba pang paraan.

70 Kapag nagtipon ka ng isang bungkos ng kalalakihan para pag-usapan ang anumang bagay, ang isa'y nag-iisip ng ganito, ang isa nama'y ng ganiyan, at ang isa pa'y sa ganito. Pagsasama-samahin nila ang mga bagay na iyon, at paghahalu-haluin, at paglabas no'n ganu'n ang mayroon kayo para sa amin. 175 Ganu'ng-ganu'n ang ginawa nila sa Nicene Council. Ganu'ng-ganu'n ang ginawa nila sa mga Methodist, Presbyterian, Church of Christ at iba pa sa kanila. At walang sinumang lalaki, anumang ipahayag ng Diyos sa kaniya, kailangang ituro mo ito ayon sa kredensiyal—o ayon sa kanilang mga kredo o kung hindi'y sisipain ka nila. At huwag kayong magkaila sa akin; nanggaling ako ro'n (Kita n'yo?) at alam ko iyon; at iyon ang talagang nangyari, kaya't isinumpa ang kabuuan niyan.

71 Hindi nakapagtatakang sinabi ng anghel, "Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, at huwag kayong makibahagi sa kaniyang mga salot."

Sapagka't siya'y susum—siya'y isinumpa, at kailangan niyang danasin ang sumpa ng poot ng Diyos, dahil ipinagbili niya ang kaniyang kalinisan at karapatan. Ngunit, ay, naku. 177 Ngunit tandaan, bagama't nakikita Niya ang lahat ng kalagayang iyan, nangako ang Diyos sa Joel 2:25 (kung gusto ninyong isulat), sa mga huling araw na, "Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng higad, ang iniwan ng higad, ay kinain ng balang; at ang kinain ng balang…" Sadyang nagtuloy-tuloy ito, dumating ang iba't ibang uod at nanginain sa iglesiang iyon hanggang sa wala nang matira kundi isang tuod.

72 Masdan n'yo. Ang iniwan ng mga Romano, ay kinain ng mga Lutheran; ang iniwan ng mga Lutheran, ay kinain ng mga Methodist; at ang iniwan ng mga Methodist, ay kinain ng mga Pentecostal (Kita n'yo?), hanggang sa siya'y maging isang tuod. 179 At alam n'yo ba? Kunin n'yo ang mga uod na iyon, ang balang, higad at iba pa at tugaygayan n'yo sa kabuuan ng Aklat, at makikita n'yong iisang uod 'yon sa magkakaibang mga yugto. 180 Panghawakan n'yo ang puntong iyan: Gayon din ang mga Tatak na ito. Iisang uod 'yon. Makikita n'yo ito kapag inilabas natin, kaya't sasasabihin ko na sa inyo ngayon: Iisang uod 'yon sa lahat ng pagkakataon. 181 Apat ang mga uod na iyon, apat din dito. At doon ang mga iyon ay iisa lang; iisang espiritu. Ang iniwan ng isa, ay kinain ng isa pa. Ang iniwan ng isang ito, ay kinain ng isa pa, ganiyan, hanggang sa maging isa itong tuod. Ngunit sinabi ni Joel, "Isasauli Ko, sabi ng Panginoon, ang lahat ng mga taon na kinain ng higad.

73 Ano iyon? Paano Niya 'yon gagawin? Kung nagsimula itong anticristo sa pagiging laban sa katuruan ni Cristo at tumanggap ng dogma sa halip ng Salita, at sa paglipas ng maraming taon ay nagsilundag dito ang mga reformer tulad ng sinabi ng Biblia, "Ngunit sa huling mga araw, sa pag-ihip (sinabi Niya sa Apocalipsis 10:1-7), ang mga hiwaga ng Diyos ay matatapos sa huling mga araw sa pag-ihip ng ikapitong anghel." 183 Sinabi ng Malakias 4 na isusugo Niya si Elias bago dumating ang masamang araw na iyon sa lupa, kung kailan ay susunugin Niya ito na gaya ng isang pugon, at isasauli at ibabalik Niya ang mga anak sa pananampalataya ng mga magulang—ang orihinal na apostolikong Pentecostal na pananampalataya na ipinangako Niyang maipanunumbalik. Ngayon, singlinaw iyan ng maaaring masabi ng Kasulatan. Ngayon, ito'y ipinangako. At kung nasa huling mga araw na tayo, kailangang may mangyari; at nangyayari na ito, at ito'y nakikita natin.

74 Pansinin n'yo ang trinity ni Satanas: iisang persona ang dumarating, nagkakatawang-tao lang mula sa isa patungo sa isa pa. Gayon din ang ginawa ng mga uod na iyon, nagpalipat-lipat (Eksakto.), Nicolaita, espirituwal na anticristo; Papa, bulaang propeta; hayop, ang diablo mismo na nagkatawangtao. Hindi niya 'yon magagawa… 185 Ngayon, tandaan n'yo 'yan. Kapag sinundan n'yo 'to, makikita n'yo na ang mga mangangabayong ito ay hahantong do'n. Kita n'yo, naglalatag ako sa inyo ng isang larawan. Kung nailagay ko ito sa pisara mas maiintindihan n'yo. Kita n'yo, nagmamasid ako.

75 Una, ngayon, tandaan n'yo ito: una, siya'y isang espiritung anticristo. Sinabi ito ni Juan. "Mumunting mga anak, ang espiritu ng anticristo ay gumagawa na sa mga anak ng pagsuway." Kita n'yo, nagsimula na ang bagay na iyon. At naging tila bukambibig na iyon sa sumunod na kapanahunan ng iglesia. At sa

sumunod pang kapanahunan ng iglesia naging isa na 'yong doktrina. At sa sumunod pang kapanahunan ng iglesia'y pinutungan na siya. Ngayon, hindi ba't singlinaw 'yan ng kung babasahin mo, saan mo man basahin? Kita n'yo? 187 Kita n'yo, hayun na siya. Ngayon, sa una'y tinawag siyang ano? Espiritu ng anticristo, dahil laban siya sa Salita. Diyan ito nagpasimula. Iyon talaga ang dahilan ng lahat ng ito, ang paglihis sa Salita ng Diyos. Hindi dahil isang araw ay sinampal marahil ni Eba si Cain. Kita n'yo? Hindi iyon ang dahilan. Ang unang dahilan ng lahat ng ito ay ang paglihis niya sa Salita. Lumihis siya sa Salita. At ang nagpasimula ng prostitusyon sa iglesia ng buhay na Diyos, sa Nobya ni Cristo, ay ang paglihis niya sa Salita at pagtanggap sa dogmang mula sa Roma sa halip ng Salita ng Diyos. Ang nangyari'y ganu'n din ang ginawa ng bawat organisasyon.

76 Ngayon… Ngunit ipinangako Niya sa huling araw na gagawa Siya ng daan para sa pagsasauli. Ang Salita ng Panginoon ay lalagpak sa lupa tulad ng ginawa Niya nung pasimula, at ano ang isasauli? Anong pinagsimulan nito? Ang paglaban sa Salita. At ano raw ang gagawin ng taong ito sa pagdating niya na may pahid ng Espiritu ng Diyos? Ipanunumbalik niya ang pananampalataya ng mga anak sa mga magulang. Ganoon Siya magpapanumbalik. At kung maihahatid mo ang Salita sa ganito ring lugar, gagawa ito ng kapareho ring bagay. Ang sabi ni Jesus, "Kung ang sinuman ay magiging sa Akin… Kung… Ang sinumang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." At nang hilingan Siya na gumawa ng isang bagay, sinabi Niya, "Ginagawa Ko lang kung ano ang ipinakita sa

Akin ng Ama. Hindi Ako gumagawa ng anumang bagay malibang makita Ko muna. Ang nakikita Kong ginagawa ng Ama, ay siya ring ginagawa Ko. Gumagawa ang Ama, at Ako'y gumagawa hanggang ngayon." Kita n'yo? Hindi n'yo ba nauunawaan? Aba'y, para lang itong pagbabasa ng isang pahayagan. Ngayon.

77 Ngayon, una… At pagkatapos ay naging isang anticristo siya. Ngayon, hindi pa siya maaaring maging anticristo noon, sa espiritu lang. At siya'y naging isang anticristo, at nilukuban ng espiritung iyon ang isang lalaki na nagturo ng kaparehong mga bagay na ginagawa ng espiritung iyon ng anticristo, at siya'y naging isang bulaang propeta ng espiritu ng anticristong iyon. Ngayon, paano naman ang isang lalaki na nasa isang organisasyon? Bahala na kayo. Hindi ko alam kung anong palagay n'yo riyan. Ngunit sige. 190 Ngayon, sa dulo'y naging isang hayop siya. Ngayon, sandali; pupunta tayo riyan maya-maya. Kita n'yo? Tama. Ngayon, kung ang trinity ni Satanas ay nakalatag nang ganiyan… 191 Si Satanas 'yon sa lahat ng pagkakataon, si Satanas, espiritu ng anticristo (ang nagkatawang-taong espiritu ng anticristo) bulaang propeta, at naging isang hayop. Kita n'yo? 192 Nang—hindi isang demonyo ang nasa anticristong iyon, ngunit nang si Satanas mismo ay sipain, bumaba siya at sinakop ang dakong kinaroroonan ng demonyo: nang magkagayon ay naging Diablo siya. At nagkatawang tao ang diablo sa isang lalaki. Paulit-ulit lang ito.

78 Ganoon si Judas Iscariote. At ano'ng ginawa niya? Siya ba'y isa sa mga taong laban kay Cristo? Aba'y, siya ang ingat-yaman, lumakad na kasama Niya (Tunay nga.), lumakad na kasama nila, humayo, at nagpalayas ng mga demonyo, at ginawa kung ano ang ginawa nila. 194 At si Cristo naman ang Diyos na nagkatawang-tao: ang Diyos na nanahan sa laman, Emmanuel. At si Judas ay anak ng kapahamakan kung paanong si Jesus ay Anak ng Diyos. Diyos na nagkatawang-tao, diablong nagkatawang-tao… Tatlong krus lang ang nakikita ng mga tao nang panahong iyon. Apat iyon. May tatlo sa Golgotha na nakikita natin. Si Jesus ang nasa gitna, may isang magnanakaw sa Kaniyang kaliwa at isang magnanakaw sa Kaniyang kanan. At masdan n'yo. 195 Ang sabi ng isang magnanakaw do'n sa isa, o kay Jesus, "Kung (Ngayon, alam n'yong Siya ang Salita.)…" 196 Ngunit "Kung Ikaw nga ang Salita, hindi mo ba ililigtas ang sarili mo? Hindi ka ba gagawa ng anuman?" Ganu'n din sa araw na ito.

79 Hindi n'yo pa ba narinig ang mga demonyong iyon na lumalapit at nagsasabi, "Kung naniniwala ka sa divine healing, may bulag doon; maaari bang buksan mo ang kanilang paningin? Bulagin mo ako. Bulagin mo ako." Siya pa rin matandang diablong iyon… Kita n'yo? 198 "Bumaba ka riyan sa krus; at maniniwala kami sa'yo. Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mga batong ito": siya rin ang diablong iyon. Lumayo ka na lang (Kita n'yo?) sa kanila; ganoon ang ginawa ni Jesus. Hindi Siya nakipagbiruan kaninuman sa kanila. 199 Piniringan nila Siya nang ganiyan, at kumuha sila ng patpat at pinalo Siya sa ulo, anila, "Sabihin mo sa amin ngayon, kung isa kang propeta, kung sino'ng pumalo sa'yo? (Pinagpasa-pasahan nila ang patpat.) Ngayon, sabihin mo sa amin kung sino'ng pumalo sa'yo, at maniniwala kaming isa kang propeta." Hindi Niya ibinuka ang Kaniyang bibig. Tumayo lang Siya roon. Hindi Siya nakipagbiruan. Ginagawa lang Niya ang ayon sa sinasabi ng Ama. Kita n'yo? Pabayaan n'yo sila. Parating na ang oras nila. Huwag kayong mag-alala.

80 Ngayon, hinipo nila ang Kaniyang damit; wala silang naramdamang bisa; ngunit may isang abang babaeng nangailangan na mahipo man lang ang Kaniyang damit, at Siya'y lumingon at nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?" Kita n'yo? Aniya… Kakaiba ang hipong iyon. Depende kung papaano mo Siya hinihipo (Kita n'yo, kita n'yo?), kung ano ang paniniwala mo. 200 Ngayon, kita n'yo, kung paanong si Satanas ay nagkatawang-tao mula sa pagiging anticristo patungo sa pagiging bulaang propeta, at nung panahon ng Judio, ay anticristo siya sa kalagitnaan ng sinaunang iglesia… Sa mga panahon ng karimlan, naging isa siyang bulaang propeta sa sanlibutan. 201 Makikita n'yo siya do'n na may saro ng katampalasanan.

Ngayon, iya'y sa kapanahunan ng iglesia.

81 Ngunit sa panahong nakauwi na ang Iglesia, siya'y magiging isang hayop. Siya'y magiging isang diablong nagkatawang-tao, ang pulang dragon mismo. Ay, naku. Hindi n'yo ba nakikita ang ibig kong sabihin? Nagkatawang-tao siya sa kaniyang bayan noon. Ginapos Niya ng kaniyang kapangyarihan ang kaniyang bayan. 203 Naihatid sila ro'n ng propesiya ng bulaang propeta, ibinigay sila sa paggawa ng kamalian upang maniwala sa kasinungalingan at mahatulan dahil dito, itinatanggi ang Salita sa pamamagitan ng anyo ng kabanalan." 204 Nagtatrabaho ang Diyos patungo sa Kaniyang lugar sa tatlong yugto: pag-aaring ganap, pagpapakabanal at pagkakatawang-tao sa Kaniyang bayan

sa bautismo ng Espiritu Santo. Pareho rin. Gumagaya lang ang diablo kay Cristo. Oh, nagkakatawang-tao rin si Satanas.

82 Ngayon, tignan n'yo. Si Satanas… Nang magkatawang-tao si Jesus sa Kaniyang bayan, ang mismong Buhay na nakay Jesus ay napasa taong ito. Anong mangyayari kung kukunin mo ang buhay mula sa puno ng ubas at ilalagay mo sa isang puno ng suha? Hindi na ito mamumunga ng suha kailanman; mamumunga ito ng ubas. Kita n'yo? Ano kaya kung kunin mo ang buhay ng isang peach tree at ilagay mo sa isang puno ng peras? Mamumunga ba ito ng peras? Hindi, mga peach ang ibubunga nito. Ang buhay ang nagsasabi kung ano 'yon. Kita n'yo? 206 Kapag nakarinig kayo ng mga taong nagsasabing may Espiritu Santo sila at itinatanggi ang Salitang ito, may mali. Ang Espiritu Santo ang sumulat ng Salitang iyon. At ganito ang sabi ni Jesus: "Kung taglay ng isang tao ang Aking Espiritu, gagawin niya ang Aking mga gawa." 207 Gusto ba ninyong basahin 'yon? Kung gusto ninyong isulat, ito'y sa San Juan 14:12. Oo. Tama. "Siya na sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagka't Ako'y paroroon sa Ama." Kita n'yo? 208 At Kaniyang pinapaging-banal at nililinis siya upang magawa niyang makatayo sa harapan ng Diyos. Ang patak ng tintang iyon ay lalagpak do'n at itatawid siya sa bangin. Kita n'yo?

83 Ngayon, masdan n'yo. Si Satanas, kapag nagkatawang tao siya sa kaniyang mga nasasakupan, ginagawa nila ang mga gawang ginawa niya. Hindi n'yo ba nakikita? Ano ang ginawa niya? Lumapit siya sa inosenteng babaeng iyon upang dayain siya. At ganiyang-ganiyan ang ginagawa ng ilan sa mga diablong ito: pupunta sa isang lugar, at sabihin na natin, may isang pastor na kakapasimula pa lamang kung saan, papasok sila at magsasabi, "Oh, kung aanib ka lang sa amin…" Kita n'yo? Kaparehong gawa ng diablo. Ngayon, iyan ang Katotohanan. At kapag nagkatawang-tao si Satanas sa kaniyang iglesia, kung mayroong diablo, kung gayo'y sila ang pumapaslang at pumapatay at iba pa, dahil si Satanas ay mamamatay-tao sa pasimula pa lamang; isang sinungaling at isang… Kita n'yo? 210 Tama, ano'ng gagawin ni Satanas kapag nagkatawang-tao na siya sa kalagitnaan ng mga tao? Katungkulan niyang maging tuso. Siya'y tuso. Saliksikin n'yo ang Biblia, at ipakita n'yo sa akin kung saan nakipag-ugnayan ang Diyos sa matatalinong tao. Hanapin n'yo at tignan n'yo kung hindi sa

tuwina ang matatalino ang nilulukuban ng diablo. Ito'y mabigat na pananalita, ngunit ito'y totoo. Hinahamon ko kayo na tignan n'yo ang talaan ng lahi ni Abel kumpara sa lahi ni Cain, at ang labing-apat na salinglahing iyon, suyurin n'yo, at tignan n'yo kung sino ang mga nasa panig ng matatalino at kung sino ang mga mapagpakumbaba.

84 Bakit hindi pumili si Jesus ng gayong uri ng mga tao? Kumuha Siya ng mga mangingisda at mga taong ni hindi makapirma ng kanilang sariling pangalan upang gawing pinuno ng Kaniyang Iglesia. Kita n'yo? Ang karunungan ay walang kabuluhan. Laban ito kay Cristo. Ang makamundong karunungan ay laban kay Cristo sa tuwina. 212 Hindi tayo sinabihan ni Jesus na magtayo ng mga seminaryo (Hindi Niya iyon ginawa.), ang magkaroon ng mga Bible school. Ang sabi Niya, "Ipangaral n'yo ang Salita, ipangaral n'yo ang Ebanghelyo." At kung sinabi Niya na, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na sumasampalataya…" Kita n'yo, kailangan ninyong magkaroon ng… Sa ibang salita, sinabi Niya, "Humayo kayo, ipamalas ninyo ang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bansa." 213 Ngayon, masdan n'yo. Ang trabaho ni Satanas ay ang baluktutin ang Salita ng Diyos ayon sa pangangatuwiran ng karunungan. Ay, naku. Oh. At pagkatapos ay minamarkahan niya ang kaniyang mga sakop dahil sa pagtanggi sa orihinal na Salita. Ngayon, hayaan n'yong… (Ma—maaari bang—maaari bang pagtiisan ninyo ako ng kaunti pa para makuha natin ito? Ayokong di n'yo ito makuha.) Hayaan n'yo ipakita ko sa inyo ang isang tipo para makita n'yo—lahat ay nasa pagtitipo at sa Salita at lahat na. Hin—hindi mo… Hindi kayo dapat umalis ng naguguluhan.

85 Sa Lumang Tipan, kapag ang isang tao ay naipagbili sa pagka-alipin, may dumarating na isang taon ng Jubileo kada ikalimampung taon (Ikaapatnapu't siyam na taon at pagkatapos ay taon ng Jubileo). At kapag narinig ito ng alipin, at nais niyang makalaya, walang anumang maaaring humadlang sa kaniya para makalaya. Maaari niyang ilapag ang kaniyang asarol at siya'y magsabing, "Paalam," at umuwi na. Tumunog na ang trumpeta. Tama. 215 Ngunit kung ayaw niyang lumaya, at kuntento na siya sa kaniyang amo, kung gayo'y, dadalhin siya sa templo at kukuha sila ng pambutas (alam n'yo kung ano 'yon), at tutusukin nila ang kaniyang tainga at bubutasan. At iyon ay isang tanda na hindi na siya makakalaya pa. Tama ba? Kailangang paglingkuran niya ang kaniyang amo nang panghabang panahon. Kahit pa

gaano pa karaming beses tumunog muli ang Jubileo, anuman ang mangyari, lubos na niyang naipagbili ang kaniyang karapatang maging malaya.

86 At kapag tinanggihan ng isang tao ang Katotohanan ng Ebanghelyo, minamarkahan siya ni Satanas. Saan? Sa kaniyang tainga. Bibingihin niya siya para hindi na niya marinig pa ang Katotohanan. At tapos na siya. Naku. 217 Mananatili siya sa grupong kinabibilangan niya, kung hindi siya makikinig sa katotohanan. Huwag. "Malalaman mo ang Katotohanan at ang Katotohanan ang magpapalaya sa iyo." Nagpapalaya ang Katotohanan. 218 Minamarkahan ng Diyos ang sa Kaniya kapag sila'y lumapit. Minamarkahan ng Diyos ang sa Kaniya sa pamamagitan ng pagbibindika ng Kaniyang ipinangakong Salita sa pamamagitan nila. Tamang-tama nga 'yon. Sa San Juan 14:12, at isa pa kung gusto ninyong isulat: Marcos 16. Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na magsisisampalataya."

87 Ngayon, kunin natin iyan sandali. Nagbibiro ba Siya? [Sumagot ang kongregasyon "hindi"—Ed.] Ang tinutukoy Niya lang ba ay ang mga apostol tulad ng sinasabi ng ilan sa atin? [Sumagot ang kongregasyon "hindi"—Ed.] 220 Masdan n'yo, basahin n'yo ang background nito. "Humayo kayo sa (saan?) sa buong mundo; ipangaral ninyo ang Ebanghelyong ito sa (ano?) bawat nilalang." Ni wala pa sa ikatlong bahagi ang naaabot nito. "Ang mga tandang ito'y lalakip sa buong mundo, sa lahat ng nilalang, saan man ipangaral ang Ebanghelyong ito. "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na magsisisampalataya," hindi lang sa kakarampot. 221 Gaya ng sinabi ng isang tao sa akin minsan: "Ang labindalawang apostol lang ang binigyan ng Diyos ng mga kaloob ng pagpapagaling, at…" 222 Oh. Marami sa mga kapatiran ang nakaupo rito nang tumayo siya para sabihin 'yon. Kita n'yo? Napuno siya sa loob lang ng ilang sandali. Kaya ngayon, pansinin n'yo, "Sa buong mundo, sa lahat ng nilalang, ay lalakip ang mga tandang ito."

88 Huwag ninyong kunin ang marka ni Satanas ng di-pagsampalataya. Ngayon, ilalagay niya 'yon sa inyo ngayong gabi kung magagawa niya. Gigipitin niya kayo at kayo'y lalabas na nagsasabi, "Aw, ewan ko ba 'yon." 224 Umuwi kayo at pag-aralan n'yo ito. At maging sinsero kayo at manalangin, dahil lahat ito ay ganap na naaayon sa Kasulatan sa oras na ito, sa banal na oras na ito ng kapanahunan. Napatunayan na ito sa maraming taon. Lumapit kayo nang husto dahil ito na ang oras. Ito na ang panahon. 225 At ngayon, huwag ninyong hayaang iduldol niya iyan sa inyong tainga, ang marka ng kaniyang di-pagsampalataya. Kita n'yo? Dahil sa

simula pa lang ay hindi na talaga siya mananampalataya. Pinagdudahan niya ito. Tama. Oh, huwag n'yong ipakuha sa kaniya ang Kasulatan sa pamamagitan ng kaniyang karunungan upang Ito'y pilipitin at baluktutin sa pamamagitan ng kaniyang sariling karunungan para maging kapangyarihan ng pangangatuwiran. 226 Magpakumbaba lang kayo at magsabing, "Sinabi ng Diyos, at iyon na 'yon" (Ngayon, oh, gagabihin tayo nang husto, kaya't mas mabuti pang tumigil na tayo rito at—at magsimula na.)

89 Ngayon, tumungo na tayo sa Ikalawang Tatak. Nang buksan ito ng pinaslang, at nagbangong Cordero, at ang ikalawang hayop na tulad ng baka ay nagsabi, "Halika, tignan mo kung ano ang hiwaga ng tatak." Ngayon, nakuha na natin. Kailangang buksan ng Cordero, kung naaalala n'yo, ang bawat Tatak. At ang ikalawang hayop… Kung napansin n'yo ang takbo ng ating dinaanan sa mga kapanahunan ng iglesia—ganu'n din ito. 228 Ang ikalawa… Una ay isang leon; ang sumunod ay isang tulad ng guya o baka o iba pa. Nakita n'yo? At sinabi ng hayop na ito, "Halika, tignan mo" nang buksan ng Cordero ang Tatak. At pagkatapos, ay humayo siya upang tumingin. 229 At nang siya'y lumapit, anong nangyari? Tignan natin kung ano ang nakita niya. "Halika, tignan mo." May hiwagang sinelyuhan dito. Iyon ay dalawang libong taon nang naririto. Tignan natin kung ano ito. Ngayon, nakita natin dito na nakakita siya ng ano? May isang pulang kabayo humayo.

90 Ngayon, sa pagkaunawa ko (ito'y sa pagkaunawa ko), ang malaking tabak na hawak niya… (Ngayon, may tatlong bagay tayong titignan ngayon sa loob ng susunod na labinlima o dalawampung minuto.) Basahin lang natin at tignan kung ano ang sinasabi Niya rito. At may lumabas… (ika-4 na talata)… may lumabas na ibang kabayo, na kabayong mapula:… (ang una ay puti)… at ang nakasakay dito ay pinagkalooban ng kapangyarihang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't-isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.

91 Ngayon, may mga simbulo rito, at gusto nating tignan nang maigi ang mga ito. Ngunit sa pagkaunawa ko, sa abot ng aking nalalaman ngayon (Kita n'yo?), nanghula si Jesus ng kaparehong bagay sa Mateo 24. Kita n'yo? Sabi Niya, "Ngayon, makaririnig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan, at sadyang magkakaroon ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan at mga digmaan, at…" ngunit aniya, "Lahat ng mga ito ay hindi pa. (Kita n'yo?) Hindi pa ito ang oras."

Kita n'yo, tinanong nila si Jesus ng tatlong katanungan (Kita n'yo?), at sinagot Niya sila sa tatlong katanungan. Diyan lubos na naguguluhan ang marami sa ating mga kapatid, pinipilit na ipatungkol ng mga kapatid na Adventist ang ikapitong araw at iba pa doon sa "Sa aba nila na nangagdadalang-tao at nangagpapasuso at ang mga pintuang-bayan ay isasara sa araw ng Sabbath at mga bagay na gaya niyan. Naku. Ni hindi 'yon patungkol sa tanong (Kita n'yo?), hindi talaga. Kita n'yo? Sinasagot Niya ang

kanilang tanong, ngunit hindi Niya 'yon pinatungkol lahat sa huling mga araw.

92 Sabi Niya, "Makakarinig kayo… (Ngayon, tinatalakay natin ang isang ito. Pupuntahan natin ang ilan pa sa mga ito sa mga susunod na gabi.) Tignan n'yo. Sabi Niya, "Makakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan at iba pa. At ang lahat ng ito ay hindi pa… 234 Kita n'yo, at babalik silang muli at ibibigay nila kayo at iba pang tulad nito at lahat—lahat… Hindi pa 'yon do'n." Ngunit nang dumating siya sa oras na kakausapin na Niya sila tungkol sa tanong nila sa Kaniya tungkol sa katapusan ng sanglibutan, "Kailan mangyayari ang mga bagay na ito, kung kailan walang isa mang batong maiiwang nakapatong… Ano ang magiging tanda? At kailan darating ang katapusan ng sanglibutan?" Kita n'yo? Tinanong nila Siya ng tatlong bagay. 235 At nang dumating Siya sa katapusan ng sanglibutan, ang sabi Niya, "Kapag nakita ninyong nagsusupling ng dahon ang puno ng igos (Kita n'yo), ay alam ninyong ang oras ay malapit na, at katotohanang sinasabi Ko sa inyo na hindi lilipas ang lahing ito hanggang maganap ang lahat ng ito." 236 Gustung-gustong ibutas ng mga impidel na walang kapahayagan ang bagay na iyon. Kita n'yo? Sabi Niya, "Ang lahing ito," hindi ang lahing pinangungusapan Niya, ang lahing makakita ng pagsibol ng dahon ng puno ng igos.

93 Ngayon, may itatanong lang ako sa inyo. Tignan n'yo lang nang mukhaan ang bagay na ito. Sa unang pagkakataon, ang Israel ngayon ay isa nang ganap na bansa sa loob ng dalawang libo at limandaang taon. Ang pinakamatandang bandila sa mundo ay nakataas ngayong gabi sa Jerusalem. Ang Israel ay nasa kaniya nang lupang-tinubuan. 238 Minsan ay may isang kapatid na lalaki rito na nagnasang maging misyonero, nakadamang magmisyon sa mga Judio. Sabi ko, "Maaaring makakuha ka nang paisa-isa." 239 Oh, iniisip ng mga tao na ang buong bansa… Hindi po. Magbabalik loob ang Israel bilang isang bansa, hindi bilang isang indibiduwal. "Ipanganganak ang isang bansa sa isang araw." Iyan ay ang Israel. Ang

buong Israel ay ligtas. Pakatandaan n'yo lang iyan. Sinabi iyan ni Pablo. Ang buong Israel ay ligtas. Ngayon, pansinin n'yo. Ang buong Israel… Tamang-tama nga 'yon.

94 Ngayon, pansinin n'yo ito. Ang sabi Niya, "Kapag nakita ninyo ang punong igos at ang iba pang mga puno na nangagdadahon na…" Ngayon, masdan n'yo. Hindi pa nagkaroon ng pagkakataon sa loob ng dalawang libo at limandaang taon na ang Israel ay nakauwi sa kaniyang lupang tinubuan. Mayroon tayong palabas na, "Three Minutes To Midnight." Hayun siya, isang bansa, nakawagayway ang tala ni David na may anim na tulis, lahat ng mga bagay na ito. 241 Nagkaroon na ba ng pagkakataon na nakaranas ang mga denominasyon ng mga revival na gaya ng naranasan nila nitong huling ilang taon? Pag-aralan n'yo lang ito ngayon; nakauwi na tayo. 242 Kailan ba namukadkad ang mga denominasyon dahil sa ministeryo ng isang tao tulad ng nangyari kay Billy Graham, sa mga Methodist, Baptist, at iba pa? 243 Kailan pa nagkaroon dati ng isang lalaki (Saliksikin ninyo ang inyong kasaysayan.) na nagtungo sa pormal na iglesia na may pangalang nagtatapos sa h-a-m? Natanong ko lang kayo… "A-b-e… A-b-r-a-h-a-m." 244 Ngayon, tignan n'yo, may pitong titik ang pangalan ni Abraham, A-br-a-h-a-m, ngunit ang kapatid nating si Billy Graham ay G-r-a-h-a-m, anim, hindi pito, ang sanlibutan. Doon siya nagmiministeryo: sa natural na iglesia.

95 Ang natural na iglesia ay kinatawan ni Lot sa Sodoma, at nagpunta ro'n ang lalaking ito at nangaral at sila'y binulag sa pammagitan ng Ebanghelyo, ngunit mayroong Isang nanatili kaya Abraham, at tinawag Siya ni Abraham na "Elohim, Panginoon." 246 Ngayon, nang makita ni Abraham na may tatlong dumarating, ang sabi niya, "Panginoon ko." 247 At samanatalang nang makita ni Lot na may dalawang dumarating; ang sabi niiya, "Mga Panginoon ko." Hayun ang kaibahan. Kita n'yo ang gawa ng inyong pagiging Trinitarian? Kita n'yo, kita n'yo? Ang sabi ni Jesus, "Kung papaano ang naganap sa mga kaarawan ni Lot…" Nakikita n'yo ba 'yon?

96 Pansinin n'yo, bilangin n'yo. Ngayon, may isang dumating sa espirituwal na iglesiang ito, sa Nobya, kay Abraham, na wala sa Sodoma sa simula pa lamang. At masdan n'yo ang ginawa Niya. Hindi Siya nangaral na tulad ng ginawa nila. Tinuruan Niya sila, ngunit pagkatapos ay nagpamalas

Siya ng isang tanda sa harap nila. Ipinamalas Niya ang tanda ng Mesias. Nakatalikod Siya sa tolda nang sabihin Niya, "Abraham…" Ngayon, alalahanin n'yo na ang aktuwal na pangalan niya ilang araw bago iyon ay Abram. Ngunit ang sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawang si, S-a-ra-h?" Ilang araw bago iyon ay S-a-r-r-a 'yon. 249 Sabi ni Abraham, "Nasa tolda siya sa Iyong likuran." 250 At sinabi Niya, "Abraham, Ako (Hayan muli ang inyong panghalip na panao.), Ako ay dadalaw sa inyo ayon sa ipinangako Ko sa inyo." Nauunawaan n'yo kung Sino 'yon. Kita n'yo? Isang Lalaking naalikabukan ang damit, kumain ng karne ng guya, at uminom ng gatas ng baka, at kumain ng corn bread (Opo.): Ang Diyos, si Elohim, na nahayag sa laman: nangako Siyang ipapahayag Niyang muli ang Kaniyang Sarili sa laman sa huling araw. 251 Pansinin. "Abraham, nasaan ang iyong asawang si, Sarah?" "Nasa tolda siya sa Iyong likuran." Sabi Niya, "Dadalawin kita."

97 At ang babaeng iyon, siyempre, dahil sandaang taon na, medyo napahagikhik siya; totoo iyon: doon sa likod ng tolda, sa likod ng mga kurtina sa tolda. Sabi niya, "Ako, na isang matanda nang babae…"

Aba'y, hindi na sila nagsisiping bilang mag-asawa sa loob ng maraming taon, alam n'yo na, dahil sandaang taon na si Abraham, at siya'y nobenta na. Aniya, "Ngayon, hindi iyan mangyayari kailan man." 253 At sabi Niya, "Bakit siya tumawa?" (Whew.) Samantalang nakatalikod Siya sa tolda. "Bakit siya tumawa na nagsasabi, 'Papaanong mangyayari ang mga bagay na ito?'" Kita n'yo, pinakitaan Niya siya ng isang tanda. 254 Ngayon, ipinangako Niya sa atin na mauulit itong muli sa dulo ng panahon. At nagtungo roon ang dalawang lalaki at nangaral ng Salita at sinabihan silang umalis na roon, na masusunog ang dakong iyon at iba pa, at nangyari nga. At nag-atubili si Lot, ang natural na iglesiang lugmok sa kasalanan, nasa putikan, ngunit gayon pa ma'y nagtitiis sa kanilang mga programang pang-organisasyon… Ngunit ang Nobya… 255 Hindi nagpunta sa kanila ang isang Lalaking iyon. Ang pinuntahan Niya lang at tinawag ay ang kauri ng Nobya. Ngayon, nasa huling mga araw na tayo. Kita n'yo?

98 Ngayon, pansinin n'yo. Sabi mo, "Doo'y nahayag ang Diyos sa laman."

Si Jesus mismo ang nagsabi, "Paano n'yo Ako hahatulan?" Aniya, "Hindi ba't nasusulat sa inyong Biblia, sa inyong mga kautusan, na ang mga propeta na dinaratnan ng Salita ng Diyos…" Sinabi ni Jesus na dumarating ang Salita sa mga propeta dahil Siya ay Iskriptural sa lahat ng mga bagay. 257 Sabi Niya, "Ngayon, sinabi ng Salita ng Diyos na ang Salita ay dumarating sa mga propeta, at tinawag n'yo silang mga diyos, dahil dumating sa kanila ang Salita ng Diyos." Aniya, "Kung gayon, paano ninyo Ako hahatulan kapag sinasabi Kong Anak Ako ng Diyos?" sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kautusan… Ay, naku. Hayan. Kita n'yo? Paaano, nasaan na tayo? Nasa huling panahon na tayo.

99 Ngayon, makinig kayong mabuti. Ngayon, nakita natin na magkakaroon ng mga digmaan at mga ugong ng mga digmaan. At ngayo'y nakita nating nangagdadahon na ang puno ng igos, at gayon din ang iba pang mga puno: Mga Methodist, Baptist, Presbyterian, at ang lahat ay nangagdadahon na, may isang malaking revival na nagaganap. 259 Ngayon, naniniwala akong tinitipon ng Diyos ang Nobya para sa huling panahong iyon, ang hinirang. Ay, naku. 260 Ngayon, pansinin n'yo. Pag-isipan natin ngayon ang nakita ni Juan, ang tungkol sa mga bagay na ito na nakita niya: Isang kabayong pula at humayo ang nakasakay sa kaniya; binigyan siya ng kapangyarihang pumaslang sa pamamagitan ng isang malaking tabak.

100 Ngayon, narito ang aking kapahayagan dito: Si Satanas ito muli. Ang diablo ito muli sa ibang anyo. Ngayon, alam nating—ang Tatak na iyon ay patungkol… (Tulad ng sabi ko nung isang gabi) at ang mga trumpeta ay patungkol sa mga digmaang sibil (Nakita n'yo?), sa kalagitnaan ng mga tao, o sa pagitan ng mga bansa. Ngunit makikita n'yo rito na ang lalaking ito ay may tabak kaya siya'y tumutukoy sa pulitikal na digmaan sa iglesia. Ngayon, marahil ay hindi n'yo iyon iisipin, ngunit masdan n'yo sandali, sa ilang sandali lang. 262 Pansinin n'yo ang pagpapalit ng kulay ng mga kabayong ito: iisang mangangabayo. Pagpapalit ng kulay ng mga kabayo… At ang kabayo ay isang hayop, at ang hayop sa Biblia ay nasa ilalim ng isang simbulo na kumakatawan sa isang kapangyarihan. Iisang sistema na nakasakay sa ibang kulay ng kapangyarihan mula sa inosenteng puti tungo sa madugong pula… Kita n'yo? Masdan ninyo ngayon kung papaano siya dumarating.

101 Nang magsimula siya, isa lang siyang… Buweno isa lang siyang munting doktrina sa—sa kalagitnaan ng tinatawag na Nicolaitanismo. Siyempre hindi pa 'yon papatay ng anuman. (Iya'y sa Apocalipsis 2:6, kung

gusto n'yong itala.) Hindi siya makapapatay ng anuman. Isa lang itong doktrina, isang espiritu lang sa kalagitnaan ng mga tao. Ngayon, hindi siya makapapatay ng anuman. Oh, napaka-inosente niya sa pagkakasakay niya sa kabayong puting ito. "Buweno, alam n'yo, maaari tayong magkaroon ng isang dakilang pandaigdigang iglesia. Maaari natin itong tawaging ang pandaigdigang iglesia." Ganu'n pa rin ang tawag nila dito hanggang ngayon. Tama. Kita n'yo? Ngayon, "Maaari tayong magkakaroon… Oh, lubos itong inosente. At, oh, napakainosente nito. Isa lang itong lupon ng mga kalalakihan. Magtitipon tayo para sa isang samahan." Kita n'yo, napaka-inosente nito; ito'y puti, ang puting kabayo. Kita n'yo?

102 Ngayon. Kaya ang mga dignitaryo, at ang mas magagarang manamit, at ang mga edukado, alam n'yo na, parang "mga ibong iisa ang balahibo," alam n'yo na, medyo pagsasama-samahin natin ang mga bagay-bagay. "At ang lupon ng mga mahihirap, aba'y, kung gusto nilang makisama, buweno, ayos lang; ngunit kukuha tayo ng mas mataas na uri ng mga tao na magsisimba sa ating iglesia. Kung maihihiwalay lang natin dito ang ating mga sarili, magiging isang lupon tayo ng mga mason at iba pa. Alam n'yo, sadyang aayusin natin ang mga bagay-bagay—o ang 'Mga Kakatwang Tao,' tulad nila." At kaya nga… Hindi ang Odd Fellow Lodge ha, ngunit alam n'yo ang ibig kong sabihin. Kaya kakatwa ito sa tunay na mananampalataya.

103 Ngayon, kumbaga, sa ibang salita, "Gusto namin ng isang munting grupo, isang munting samahang matatawag naming amin. Para lang itong isang katuruan—napakainosente. Mga kapatid, aba'y, wala kaming anumang laban sa inyo, tunay ngang wala. Ayos naman kayo, kaya lang, alam n'yo, pakiramdam nami'y—may mga negosyo kami at laging… Mas makabubuti sa amin kung kami-kami na lang ang magkakasama." Kita n'yo? A-ha. At nagpatuloy ito hanggang sa maganap na nga ito. Opo. Nagsama-

sama… Ngunit nang ang kakila-kilabot at madayang espiritung ito (Ay, naku.) ay magkatawang-tao—nagkatawang-taong espiritu, ang katuruang espiritung ito ay nagkatawang-tao upang kunin ang lugar ni Cristo tungo sa isang lalaki, at kailangan na iyong sambahin nang magkagayon—naging pagsamba na ito tulad kay Cristo.

104 Sa ibang salita, doon sa Vatican (Ngayon, nakapunta na ako roon.) ay nakasulat ang Vicarius Filii Dei, at nakasulat 'yon sa mga bilang na Romano. Ngayon, gumuhit ka lang sa ilalim ng mga numerong iyon ng Romano, na ang ibig sabihin ay "Sa halip ng Anak ng Diyos." Sa ibang salita, isa siyang vicar. (Alam n'yo kung ano ang isang vicar.

Humahalili sa isang bagay.) Siya ang kahalili sa halip ng Anak ng Diyos. At sinabi ng Biblia, "Siya na may kaloob ng karunungan ay bilangin ang bilang ng hayop, sapagka't ito'y bilang ng isang tao, at ang bilang niya ay anim na raan at animnapu't anim." Ngayon, kung kukunin mo ang VICARIUS FILII DEI at guguhitan mo sa ilalim (ang mga numerong Romano na V ay 5, at I ay 1) at sumahin mo ito at tignan mo kung hindi ka makakuha ng anim na raan at animnapu't anim.

105 Sinabi ng Biblia na siya'y luluklok sa templo ng Diyos, at sasambahing tulad ng Diyos. Nang magkatawang-tao ang munting katuruang iyon, naging kahalili 'yon ng Anak ng Diyos. Kita n'yo? Ay, naku. Ang kakila-kilabot at madayang espiritung iyon. Kung gusto n'yong basahin 'yon, basahin n'yo sa II Mga Tesalonica 2:3 at makikita n'yo kung nasaan 'yon. 268 At siyempre, matatandaan n'yong si Satanas ang pinuno ng lahat ng kapangyarihang pulitikal ng bawat bansa. Ilan ang nakaaalam niyan? Gusto n'yo bang isulat? Mateo 4:8, Dinala ni Satanas si Jesus sa isang mataas na bundok, at ipakita niya sa Kaniya ang lahat ng mga kaharian ng sanlibutan ng nagdaang panahon, at ang darating sa loob ng isang sandali. Ibang klaseng persona, aniya, "Ibibigay ko ang mga iyan sa iyo kung sasambahin mo ako." At alam ni Jesus na mamanahin Niya ang mga yaon.

106 Ganu'n ang sinasabi nila, "Aba'y, kayong bungkos ng mga hamak na holy roller…" Aba'y, sa amin ang mundo. "Mamanahin ng maaamo ang lupa." Iyan ang sabi ni Jesus. Kita n'yo, kita n'yo? 270 Pansinin n'yo, alam ni Jesus na mamanahin Niya ang mga iyon kaya sinabi Niya, "Humayo ka, Satanas. Nasusulat. (Balik ka'gad sa Kasulatan. Kita n'yo?) Sa Panginoon ka sasamba at tanging sa Kaniya lang." Kita n'yo? 271 Ngayon, ngayon, nang—nang siya bilang punong demonyo ay nagkatawang tao sa napakarelihiyosong lalaking ito (gaya ng inihula ng Biblia), pinag-isa niya ang kaniyang iglesia at ang estado, pinagsanib niya ang kaniyang dalawang kapangyarihan. 272 Kita n'yo? Nang humayo ang espiritu ng anticristo, 'yon ay isang espiritu. Pagkatapos ay naging ano? Ito'y naging… Ngayon, masdan n'yo ang Tatak na ito. Nang humayo ang espiritung iyon ay isang anticristo, laban sa aral ni Cristo.

107 Tama. Ang kasunod na nangyari… Ang pinasimulan ni Cristo para gawin ng Kaniyang iglesia, ay laban sa kasalanan. "Dapat itong… Oh, hindi ganiyan ang ibig sabihin no'n. Hindi ganu'n ang ibig sabihin. Para 'yon sa iba. Doon pa iyan sa may sandaang taon na ang nakalilipas. Hindi—hindi iyan para sa atin." Kita n'yo? Iyan ang "anti," "laban." At pagkatapos ay

naging… Ngayon, humayo ang mangangabayo; siya ay—wala siyang putong, ngunit pinagkalooban siya. Ang puting kabayong iyon… May busog siya, walang palaso. Kita n'yo? 274 Kaya nga nang humayo siya, nang maglaon ay pinagkalooban siya ng isang putong, dahil hindi mo mapuputungan ang isang espiritu. Datapuwa't nang magkatawang tao ang espiritung ito sa ikalawang gawa ng kaniyang—ng dispensasyon ng kaniyang mahiwagang… Sa ikalawang gawa ay naging isa siyang pinutungang bulaang propeta ayon sa paggawa ng espiritu ng anticristo. 275 Ngayon, nakikita na natin siya do'n ngayon. Ngayon, magiging gayon siya kapag kinuha niya ang… Kung magkagayo'y siya ay isa nang… Kinocontrol ni Satanas ang mga kapangyarihang pulitikal ng sanlibutan.

108 Ngayon, hahantong siya sa lugar na makagagawa na siya ng isang makapangyarihan pandaigdigang iglesia, na kukuha ng kapangyarihang pangrelihiyon. At hindi n'yo ba napag-uunawa, mga kapatid, na nang lumitaw ang bansang ito sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis, lumitaw ang munting hayop na ito tulad sa isang cordero at ito'y may dalawang sungay: ang kapangyarihang sibil at eklesiastikal. Ngunit ginawa niya ang katulad ng ginawa ng hayop na nauna sa kaniya. 277 Kakatwa, na ang America ay may bilang na labintatlo at isang babae. At kakatwang ito ay makikita sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Nagsimula tayo na may labintatlong guhit sa watawat, labintatlong bituin, lahat—lahat ay labintatlo, labintatlo, labintatlo, labintatlo sa kabuuan nito; at ang lahat ay babae, babae, babae sa kabuuan nito.

109 At sa dulo, inihula ko, na kokontrolin siya ng isang babae. Alalahanin n'yong tatatlumpong taon na ang lumipas nang sabihin ko 'yon, at sa pitong bagay na inihula ko, lima rito ay natupad na. At may tao na sila roon ngayon na magpapasok sa kaniya. At kayo ang nagboto nito sa pamamagitan ng inyong pulitika. Inyong… 279 Sige. Napakaraming dapat sabihin, hirap kang makarating sa gusto mong puntahan. Pansinin n'yo ngayon. Hindi ko na kayo masyadong pagtatagalin, kung kailangan ay ituloy ko na lang bukas ng gabi.

110 Tignan n'yo, pansinin n'yo. Nang si Satanas… Ngayon, nauunawaan ng bawat isa na kontrolado ni Satanas ang lahat ng kapangyarihang pulitikal ng sanlibutan… 281 Sinabi Niya ito (Sa ika-4 na kabanata

ng San Mateo ay makukuha n'yo ito, at sa ika-8 talata). Lahat ng mga kaharian ay sa kaniya. Iyan ang dahilan na naglalaban sila, nakikipagdigmaan, at pumapatay.

Ngayon, tandaan, hindi ba't kakatwa 'yon? Ibinigay sa kanila ang tabak na ito upang magpatayan. Ay, naku. Pansinin n'yo ngayon. Ngayon, nang gawin niya iyon, wala pa siyang kapangyarihang eklesiastikal; ngunit nagsimula siya sa pamamagitan ng isang demonyo ng isang bulaang aral, at ang aral na yaon ay naging isang doktrina. 283 Ang doktrinang iyon ay nagkatawang-tao sa isang bulaang propeta, at pagkatapos ay nagtungo siya sa tamang lugar; hindi siya nagtungo sa Israel, nagtungo siya sa Rome, Nicaea, Rome.

111 Ginanap ang konseho, at naghalal sila ng isang punong obispo. At sa pamamagitan nito, napag-isa nila ang iglesia at ang estado. At pagkatapos ay binitiwan niya ang kaniyang busog; bumaba siya sa kaniyang kabayong puti; sumakay siya sa kaniyang kabayong pula, dahil do'n ay magagawa na niyang patayin ang sinumang di sasang-ayon sa kaniya. Hayan ang inyong Tatak. Ay, naku. Iisang persona. Masdan n'yo ang paghantong niya sa walang hanggan sa ganu'ng paraan. Kita n'yo? Pagsasanibin niya ang kaniyang mga kapangyarihan, tulad ng sinisikap nilang gawin ngayon.

112 Sa araw na ito at… Isang kakatwang bagay, marahil ay hindi n'yo ito nauunawaan, ngunit ngayong araw, mula sa isang grupo ng Baptist sa Louisville (Narinig n'yo ito sa radio.) tumindig ang isang tagapagsalita at… (Ilan ang nakarinig nito? Kita n'yo, kita n'yo? Sige, hayan.) Nais nila at hinihiling nila sa iglesia ngayon na bagama't di naman talaga natin kailangang gawin, na medyo umanib tayo sa iglesiang Catolico, at medyo makisama tayo sa kanila. Maki… At habang nagaganap 'yon sa Louisville, dito nama'y inihahayag ng Diyos ang mga Tatak sa Kaniyang bayan upang sabihin sa atin, "Huwag n'yong gawin iyon." Makikita n'yong kapuwa sila gumagawa. Alalahanin n'yo, kapuwa nakadapo ang uwak at kalapati sa iisang hapunan sa daong. Tunay nga. Tandaan n'yo lang.

113 Ngayon, nakita nating pagsasanibin niya ang kaniyang mga kapangyarihan. At kapag siya'y naging kapuwa na estado at iglesia, ang eklesiastikal, kung gayo'y ano ang gagawin n'yo? Bubuo siya ng kaniyang sariling relihiyon, at ngayo'y magagawa na niya anumang naisin niya. At may karapatan na siyang patayin ang sinumang hindi sasang-ayon sa kaniya. Ganu'ng-ganu'n ang kaniyang ginawa. At eksaktong ganu'n ang ginawa niya. At ginawa niya 'yon sa mga tunay na banal ng buhay na Diyos na nag-ingat ng Salita at hindi sumang-ayon sa kaniyang mga dogma, ipinapatay niya sila.

114 Ngayon, Brother Lee Vayle, at kayong mga naritong tagapagturo ng kapanahunan ng Nicaea at ng unang iglesia, hindi ko alam kung nabasa n'yo

ito o hindi. Kung gusto n'yong basahin, pumunta kayo sa "Glorious Reformation" ni Smuckers at matutuklasan n'yo, na nang si Saint Augustine ng Hippo ay maging isang pari sa ilalim ng iglesiang Romano, may pagkakataon na sinubukan siyang lukuban ng Espiritu Santo at tinanggihan niya Ito. Ilan ang nakakaalam niyan, bilang isang guro? Samakatuwid tinanggihan niya ang Espiritu Santo. 288 Katipung-katipo 'yan ng iglesiang Protestante sa araw na ito na tumanggi sa Espiritu Santo. Bumalik siya sa Hippo, at siya ang pumirma sa kasulatang umano'y nagtataglay ng kapahayagang mula sa Diyos na ayos lang at kalugod-lugod sa Diyos na ipapatay ang bawat taong hindi tulad ng sa iglesiang Romano Catolico ang paniniwala.

115 Ngayon, makinig kayo, sisipi ako mula sa Martyrology: "Mula sa panahon ni Saint Augustine ng Hippo hanggang 1586 sa Roman martyrology, nagpapatay ang iglesiang Romano Catolico ng animnapu't walong milyong Protestante." Pula ba ang kaniyang tabak? Sa kabayong pula ba siya nakasakay? Ano iyon? Iisang kapangyarihan, iisang mangangabayo. 290 Hayan ang Tatak. Inamin nila ang animnapu't walong milyon sa talaan ng mga martir bukod pa ang ipinapatay sa labas niyon. Oh, kahabagan nawa tayo. Nung mga panahon ng karimlan milyun-milyon ang ipinakain sa mga leon at pinatay sa iba't ibang paraan, sapagka't ayaw nilang yumukod sa dogmang iyon ng Catolico. Alam n'yo iyan.

116 Gaano pa karaming oras ang mayroon kayo? Sige, may babasahin ako. Samahan n'yo ako sa pagbuklat; ngayon may ipapakita ako sa inyo. Ilarawan natin ang bagay na ito sa ilang sandali. Mangyari kasi'y sumagi sa isip ko, at babasahin na lang natin. Bumuklat tayo sa Apocalipsis, sa ika-17 kabanata ng Apocalipsis. May labinlimang minuto pa tayo. Sige. Ngayon, makinig kayo ng husto habang bumabasa tayo. Kayong may mga Biblia ay maaaring magbuklat; bibigyan ko kayo ng kaunting panahon para makuha n'yo. 291 Nakuha mo ba, Lee? Sa Smuckers ko ito nakuha. Kita n'yo? Sa "Glorious Reform," direktang hinango sa talaan ng mga martir ng Roma sa Vatican. Ngayon…

117 Iyan ay hanggang sa pag-usig sa mga tao ni Saint Patrick. At pagkatapos ay tinawag nilang santo nila si Saint Patrick. Sing-Catolico ko si Saint Patrick; at alam n'yo kung gaano ako ka-Catolico. Kinapootan niya ang katuruan ng iglesia. Tumanggi siyang pumunta sa papa. Opo. Si Saint Patrick pa nga ay… Aba'y, dapat n'yong—nakapunta na ba kayo sa Northern Ireland kung saan siya nakapagtatag ng mga iskuwelahan?

Alam n'yo, hindi Patrick ang pangalan niya. Ilan ang nakakaalam niyan? Ang pangalan niya'y Sucat.

Tama. Namatay ang kaniyang munting kapatid na babae. Natatandaan ninyo nang sila'y… Kita n'yo?

118 Sige. Ngayon, pansinin n'yo: ika-17 kabanata ng Apocalipsis. Ngayon, sikapin n'yo lang lahat na buksan ang inyong puso at pahintulutan n'yong turuan kayo ngayon ng Espiritu Santo. … dumating ang isa sa pitong anghel na may—may pitong mangkok,… 294 Ngayon, mangyari kasi may pitong mangkok; malalaman n'yo ang mga pitong ito sa pagpapatuloy natin. Lahat ng mga iyon ay magaganap sa iisang pagkakataon, kasunod ang mga salot, kasunod din ng mga kapanahunan ng iglesia, dahil lahat ito'y naseselyuhan sa iisang Aklat na iyon, ang lahat, at pasalit-salit lang ang lahat, at ang isa'y tumutuloy sa isa pa, at ang iba nama'y sa iba pa. May dalawang espiritung gumagana: ang Diyos at ang diablo. Kita n'yo? …na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin na nagsasabi…, Pumarito ka; ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig:

119 Ngayon, tignan n'yo ito. Ang mga tubig na iyon… 296 Patutot, ano iyon? Iya'y isang babae. Hindi maaaring maging isang lalaki 'yan. At ano ang sinisimbulo ng babae sa iglesia—sa Biblia? Iglesia. Bakit? Nobya ni Cristo at iba pa (Nakikita n'yo ba?), ito'y babae, ang iglesia. 297 Ngayon, "mga tubig," anong ibig sabihin niyon? Masdan n'yo rito. Basahin natin ang ika-15 talata riyan. At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan,… mga karamihan,… mga bansa, at mga wika. 298 Ang iglesiang ito'y naghahari sa buong sanlibutan (Kita n'yo?) "nakaupo sa maraming tubig." Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa,… (Espirituwal na pakikiapid ang pagtanggap sa kaniyang doktrina—doktrina ng Nicolaitanes.)… at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid… 299 Ay, naku, isang bungkos silang mga nalasing dito. Inyong… At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae…

120 At alam n'yo ba, ang kasulatan na ang Catolico mismo ang may akda ay umaamin na iyon ay ang kanilang iglesia? Ilan ang nakaaalam niyan? Sa kasulatang sila mismo ang may akda, mayroon akong "Facts of our Faith" ang titulo. Kita n'yo? Pag-aari ito ng isang pari. Tama. Tama. At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula, na puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sangpung sungay. 301 Ngayon, masdan n'yo lang iyan, ang simbulong iyan, ang "pitong ulo." Ngayon, makikita n'yo rito, na ang sabi, "At ang—at ang—at ang… Ang mga ulo na iyong nakita ay pitong bundok na kinauupuan ng babae." Nakaupo ang Roma sa pitong bundok. Kita n'yo? Ngayon, hindi ka na maaaring magkamali dito. Kita n'yo? Pitong ulo at sampung sungay. Alam n'yo na ang mga ito ay sampung kaharian, at iba pa. At nararamtan ang babae ng kulay-ube…at ng pula,… at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahahalagang bato… perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng kasuklamsuklam—kasuklamsuklam, at ng mga bagay na maruruming kaniyang pakikiapid: 302 Ang espiritung iyon ng anticristo, pakikiapid (Kita n'yo?) na katuruan, pakikiapid iyon sa Diyos. Kita n'yo? Ngayon, dapat ay isa siyang Nobya (Kita n'yo?), pagkatapos siya'y nakikiapid (Kita n'yo?); tulad ng ginawa ni Eba—ganu'n din ang ginawa ng iglesia ro'n.

121 At sa kaniyang… noo ay nakasulat ang—nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA… 303 At alam ng lahat na ang Babilonia ay ang Roma. … ANG INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASULAMSUKLAM SA LUPA. 304 At pakinggan n'yo ang ika-6 na talata. … At nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga banal, at sa dugo ng mga martir ni Jesus: at nang aking makita siya, ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas. 305 Napakaganda niya sa taglay niyang mga krus at lahat na ng nakabihis sa kaniya; papaanong mangyayaring siya'y nagkasala ng pag-inom ng dugo ng mga banal. Naguluhan siya. Ngayon, sasabihin niya sa kaniya. At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggilalas? Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at… ng hayop na sinasakyan niya,… 306 Ngayon, hindi ito sakop ng mga Tatak. Ibang bagay ito. Kita n'yo?

… At sinabi niya sa akin… ang pitong ulo at sampung sungay. Ang hayop… na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman,… (walang pundasyon, ang papa)… at patungo sa kapahamakan: at silang nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero… (Hayan ang mga hinirang. Kita n'yo?)… buhay mula ng itatag ang sanlibutan,… 307 Paano, kailan naisulat ang pangalan n'yo sa Aklat ng Buhay? Doon ba sa revival na inyong dinaluhan? Hindi po. Sapul pa nang itatag ang sanlibutan. … pagkakita nila sa hayop, kung paanong naging siya at wala na, at darating. 308 Kita n'yo, ang hayop. Ang isa'y mamamatay; at may iba namang hahalili sa kaniya. Siya; at wala na; siya; at wala na; siya; at wala na, at siya'y hahantong sa kapahamakan sa gayong paraan. Kita n'yo? Tama.

122 At narito—at narito ang pagiisip na may karunungan… 309 Ilan ang nakaaalam na may siyam na kaloob ng Espiritu, at ang isa sa mga ito ay karunungan? Tama.) … Ang pitong ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae. 310 Oh, kailangang maging ganap kang bulag, bingi at pipi para hindi mo 'yan makuha. Tama.) …sila'y pitong hari: ang lima ay nangabuwal, at ang isa… (Si Nero)… at… ang isa… ay hindi pa dumarating; at pagdating niya ay dapat magtagal ng sandaling panahon. 311 Natatandaan n'yo ba ang ginawa niya: sinunog niya ang siyudad at ibinintang sa mga Cristiano, at itinali ang kaniyang ina sa isang kahoy na hatak ng kabayo at siya'y kinaladkad sa mga lansangan, at nagbiyolin siya habang natutupok ang Roma. Tama. At ang hayop na naging siya, at wala na, ay siya ring ikawalo,… 312 Ang paganong Roma ay naging Romanong pinamumunuan ng papa, nang ang nahayag na espiritu ng

anticristo ay nagkatawang-tao at pinutungan, ginawa siyang may putong na hari ng Roma, kapuwa ng estado at ng iglesia. Oh, kapatid. Kita n'yo? Sadyang punung-puno ito ng ganito. Kita n'yo? …ay… at siya'y sa pito, at siya'y patungo… (Gaano siya katagal? Hindi nila binabago ang sistema.)… sa kapahamakan.

… ang sampung sungay na iyong nakita ay sampung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaha—kaharian; datapuwa't magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop. 313 Iya'y mga diktador, kita n'yo, siyempre pa. Ang mga ito ay may isang kaisipan." Ngayon, tignan n'yo ito. At hindi ito nangungusap tungkol sa Komunismo. … Ang mga ito ay may isang kaisipan at ibinibigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop. Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero, sapagkat siya'y Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari: at ng mga kasama niya, na mga tinawag at pinili at mga tapat ay nananaig din. At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot ay mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika.

123 …ang sampung sungay na iyong nakita, at ang hayop, ay siyang nangapopoot sa patutot… (Nang masira ang tipang iyon, tinalakay natin iyon kagabi)… at siya'y pababayaan, at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman, at siya'y lubos na susupukin ng apoy. 314 Hindi n'yo ba alam na sinasabi ng Biblia na ang mga punong-daong at lahat ng iba pa ay magsasabi, "Sa aba, sa aba ng dakilang bayang yaon… kung papaanong sa isang oras ay dumating ang hatol dito." Kita n'yo? Sapagka't inilagay ng Diyos sa kanilang mga puso na gawin ang kaniyang kaisipan, at mangagkaisa ng kaisipan, at ibigay ang kanilang kaharian sa hayop, hanggang sa maganap ang mga salita ng Dios. … ang babae na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.

124 Magsabi kayo sa akin ng isang… Hindi naghahari ang Russia sa lahat; hindi tayo naghahari sa lahat. Mayroon lamang isang hari na naghahari sa lahat ng… tulad ng bakal ni Nabucodonosor na umabot sa mga daliring iyon ng paa, iyon ay ang Roma. Hindi ito magagawa ng Roma bilang isang bansa; gagawin niya ito bilang isang iglesia. 316 Bawat bansa sa ilalim ng langit ay sa Roma. Hindi nakapagtatakang sinabi niya, "Sinong makakabaka sa kaniya?" Magagawa niyang sabihin "kapayapaan" at tapos na. Bawat Catolico ay nagsasabi "Huwag kayong maglaban." At siya'y… Hindi sila maglalaban. Ganu'n lang. Sinong makagagawa ng kaya niyang gawin? Walang sinuman. Tama. Kaya't nanggilalas sila sa mga himalang nagagawa niya. Magagawa niyang

magpatigil ng digmaan. Ang tanging kailangan niya lang gawin ay magsalita ng, "Tumigil kayo." Iyon lang. Ngunit palagay n'yo ba ay gagawin niya iyon? Tunay ngang hindi.

125 Pansinin n'yo. Tunay na ipinakikita niyan… Sila'y dapat magpatayan; na sila'y magpatayan. Walang palaso ang busog niya noong una, ngunit ang kaniyang malaking tabak ang gumawa niyon. Ginawa niya ang pagpatay nang maglaon at lumipat siya mula sa kabayong puti tungo sa kabayong pula, iisang diablo na hawak ang kaniyang tabak. 318 Ano ang sinabi ni Jesus? Ang sabi ni Jesus, "Ang tumatangan ng tabak ay mapapahamak sa tabak." Huwag kayong gumanti. Kita n'yo? Nang sabihin iyon ni Jesus nung gabing iyon—sinabi Niya iyon at kinuha ni Pedro ang kaniyang tabak. Kita n'yo? Gawin ninyo ang tulad ng ginawa Niya; magpatuloy lang kayo.

126 Ngayon, ngayon, tandaan ninyong mayroon siyang isang tabak. Humayo siyang may hawak na tabak, nakasakay sa kabayong pula, tumawid siya sa dugo ng lahat ng sumasalungat sa kaniya. Ngayon, nauunawaan n'yo na ba? Ilan ang nakauunawa kung ano ang Tatak na ito ngayon? Mabuti. Ngayon, ano ang sabi ni Jesus? "Ang tumatangan ng tabak ay mapapahamak sa tabak." Tama ba? Sige. 320 Sige. Ang mangangabayong ito at ang lahat ng sakop niyang kaharian na pumatay sa buong kapanahunan at nagpatulo ng dugo ng mga martir at ng mga banal ay papatayin sa pamamagitan ng tabak ni Jesus Cristo sa kaniyang pagdating. "Ang tumatangan ng tabak ay mapapahamak sa tabak." Kinuha nila ang tabak ng dogma at anticristo at nilupig ang tunay at totoong mananamba sa mga kapanahunang nagdaan na milyun-milyon ang dami, at sa pagdating ni Cristo na mayTabak (Pagka't iyon ay ang Kaniyang Salita na lumalabas sa Kaniyang bibig.), papatayin Niya ang lahat ng kaaway na nasa Kaniyang harapan. Naniniwala ba kayo rito?

127 Puntahan natin ito sandali. Apocalipsis… Makikita natin ngayon kung sinasabi ko lang ito o ang Salita ang may sabi nito: Apocalipsis 19:11. At nakita kong bukas ang langit,… (Amen.)… at narito ang isang kabayong maputi; at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka. At ang kaniyang mga mata… ay ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo… ay maraming diadema;… 322 Oh, kapatid. Kita n'yo, tapos na siyang putungan ng Kaniyang mga banal. Nakita n'yo?

… at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay hindi nakaaalam kundi siya rin. (Natatandaan n'yo, hindi natin—hindi natin iyon alam, kita n'yo? kung ano 'yon.) At siya'y nararamtan ng damit… (Tignan natin.)… At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na… (hindi "ay," kundi tinatawag na)… Ang Verbo ng Diyos. 323 Sapagkat Siya at ang

Salita ay iisa. Kita n'yo? Ngayon, pansinin, hindi Kaniyang mga pangalan, Kaniyang Pangalan; tinatawag na Salita ng Diyos. Isang Pangalan lang ang nalalaman Niya, walang ibang Pangalan. At ang mga hukbong… nasa langit… na nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahahalagang linong maputi at dalisay. 324 Iyan ang katuwiran ng mga banal.

128 Ngayon, masdan n'yo. Ano ang sabi ni Jesus? "Ang tumatangan ng tabak…" Tama, nakakabayong pula, dito siya hahantong. "Ang tumatangan ng tabak…" Maaaring nakapaslang ka ng animnapu't walong milyon sa kanila sa mga nagdaang kapanahunan mula noon, marahil ay higit pa, ngunit ang sabi ni Jesus, "Ang tumatatangan ng tabak ay mapapahamak sa tabak." Masdan n'yo. At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas… 326 Sinabi ng ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo, "Ang Salita ng Dios ay matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hangang sa paghihiwalay ng kasukasuan." At ano pa ang ginagawa ng Salita? Ito'y kumikilala ng mga haka ng puso. Tama. … sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat. At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

129 Bilang mga impostor ng Salita ng Diyos, at dahil hindi sila sumasangayon… At iniligay ni Satanas ang bagay na ito, pinagsanib ang kapangyarihang pulitikal at espiritwal na kapuwa hawak niya at nagtatag ng isang iglesiang lumaganap sa lahat ng bansa; at milyun-milyon ang pinapatay niya (pagkatapos niyang lumipat mula sa kaniyang kabayong puti tungo sa kaniyang kabayong pula), at kinuha niya ang kaniyang tabak at siya'y humayo;

ngunit sinabi ng Diyos na sa pamamagitan din ng bagay na iyon na kaniyang binaluktot, o ginawang bulaang aral, ang Salita ring iyon na lumalabas sa bibig ni Jesus Cristo ay babangon sa kapangyarihan, at siyang papatay sa kaniya sampu ng iba pa sa kaniyang harapan. Amen. 328 Hayan ang Ikalawang Tatak. Mahal n'yo ba Siya? Ay, naku. Iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON. Purihin ang Diyos.

130 Kung ang lahat ng iba pang mga kapahayagan at mga pangitaing ito ay natupad nang eksaktung-eksakto… At ilan ang nakaaalam niyan, itaas n'yo ang kamay n'yo. Daan-daan, ang lahat ng naririto ay nakataas ang kamay. Tama 'yon. Kaya't magkakagayon din ito. Tandaan n'yo, totoo ito. 330 Oh, kaibigan, lumapit ka sa bukal na puspos ng Dugong nagmula sa mga ugat ni Emmanuel; kung saan ay nahuhugasan ang mantsa ng kasalanan ng mga lumulublob na makasalanan sa baha nito. Halikayo, sumampalataya kayo sa Kaniya kung hindi n'yo pa… Huwag kayong magbakasakali. Huwag—huwag… Kung may anuman sa buhay n'yo, kaibigan, narito kami… May isang bagay na magaganap. Hindi ko alam kung bakit; hindi ko alam kung kailan. Alam ko kung ano ang magaganap, ngunit hindi ko alam kung kailan ito magaganap, ngunit ito'y nakatakdang maganap, dahil inihahayag na Niya ito ngayon. Wala Siyang anumang gagawin malibang ipahayag Niya muna (Amos 3). Ito'y ihahayag Niya muna, at ipinangako Niyang darating ang mga bagay na ito sa huling mga araw, at sa ikapitong kapanahunan ng iglesia, sa dulo nito, sa pagdating ng mensahero, du'n 'yon magaganap.

131 Ito'y mahahayag; mahahayag ang mga binuksang Tatak na iyon; at heto na ang mga iyon. Ngayon, iyan ay sa Pangalan ng Panginoon. Panampalatayanan n'yo ito, mga kaibigan. Opo. Magsilabas kayo sa Babilonia. 332 May gusto akong sabihin bago tayo magtapos, pagka't ang oras ko'y—mag-aalas nueve y medya pa lang sa akin; tamang-tama lang ang oras ngayon. 333 Nang bumaba kami ni Billy sa eroplano sa India, sa huling biyahe namin do'n, nakatingin ako sa pahayagang dala nila, nakasulat iyon sa English. At ang sabi nito, "Malamang ay tapos na ang lindol; nagbabalikan na ang mga ibon," pagkatapos ay sinabi nito ang mga detalye. Kanilang… May kakatwang bagay na nangyari.

132 Wala silang mga inasintadang pader sa India na katulad ng sa atin; namumulot sila ng mga bato sa pagtatayo ng kanilang mga pader, at marami sa kanilang mga bahay ay yari sa mga bato, isinasalansan lang nila ang mga iyon

at napakainit sa bandang iyon, oh, halos saan mang malapit sa India, liban na lang sa mga bundok. At sa buong Calcutta at iba pa, ang mga tao ay nakahiga sa mga lansangan, namamatay sa gutom, at iba pa. 335 Kaya nga, nagtatayo sila ng mga bahay at mga tore ng kanilang bahay. Pinadadaan nila ang bakod sa gilid ng kanilang bahay, nagtatayo sila ng tore para sa bahay nila, at nasa moog na iyon marahil ang kanilang balon, hinuhukay nila 'yon para sa kanilang mga hayop at iba pa, at pagkatapos ay pinapaikutan nila ng bakod.

133 At bigla na lang may nagsimulang maganap. Ang mga mumunting ibon, alam n'yo, ay nagsilungan sa mga batong iyon, at doo'y namugad sila nagpalaki ng kanilang mga inakay; at may nagsimulang mangyari. 337 Araw-araw, kapag umiinit na, naglalapitan lahat ng mga baka at sumisilong sa lilim ng mga pader na iyon, at nagpapalamig. At lahat ng mga maliliit na ibon ay doon nakatira; at bigla na lang, lahat ng maliliit na mga ibon na 'yon, sa hindi malamang dahilan… (Ngayon, alam n'yo kung ano'ng nabanggit natin nung isang araw tungkol sa maliliit na ibon. Kita n'yo?) Sa hindi malamang dahilan, nagliparan silang

lahat; at lumabas silang lahat at hindi na nagsibalik sa kanilang mga pugad. Nagpunta sila sa bukid, at nagsidapo sa puno, saan man sila makarating, maging doon sa lupa. 338 Hindi nagsilapit ang mga baka. Hindi nagsilapit ang mga tupa. Namalagi sila doon sa bukid at nagtabi-tabi sila, mainam na gawin iyon. Alam nilang may isang bagay na magaganap. 339 At bigla na lamang lumindol, at niyanig ang pader hanggan sa iyon ay magiba, bumagsak ang mga bakod, at lahat na. 340 Pagkatapos ay nagpasimulang magbalikan ang malilit na ibon. Hindi sila bumalik sa loob ng tatlo o apat na araw, pagkatapos ay nagsimula na silang magbalikan. 341 Sabi nila, "Buweno, malamang tapos na ang mga lindol; nagbabalikan na ang mga ibon."

134 Bakit? Hindi ba kayo naniniwala na ang Diyos na nagawang mag-utos sa mga ibon at mga baka at mga tupa na magsisakay sa daong nung panahon ni Noe ay Siya pa ring Diyos na makapag-uutos sa kanila na magsilipad sa kanilang ikaliligtas? Tama ba? 343 Ngayon, hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay, mga kapatid. May isang bagay na nakaambang maganap, at lahat ng naglalakihang eklesiastikal na pader na ito ay magbabagsakan at magsisibalik do'n at sasangayon, 'pagka't gagawin nila 'yon nang singtiyak ng pagkakatayo ko rito. May

larawan ng hayop singtiyak ng pagkatayo ko rito, at tinanggap ito ng bansang ito ayon sa Salita ng Panginoon. 344 Makinig kayo, kapag nadama n'yo ang kakatwang pakiramdam na iyon, lumayo na kayo sa mga pader na yaon. Magsilayo na kayo; mamamatay kayo ro'n. Huwag. Lumabas kayo ro'n. Lumayo kayo sa lahat ng bagay na ito. Tumakas kayo sa inyong ikaliligtas simbilis ng makakaya n'yo. Humingi kayo ng kahabagan sa Diyos. Huwag kayong makinig sa, "Buweno, Methodist ang nanay ko, kaya dapat siguro maging ganu'n din ako." "Baptist ang tatay ko, magiging ganu'n din ako." Huwag n'yong gawin iyan. Huwag kayong magbakasakali. Hindi mahalaga kung gaano ito kasimple o kababa kung tignan; Salita ito ng Panginoon. Tumakbo kayo kay Jesus Cristo ng buong tulin, at manatili kayo roon hanggang sa puspusin kayo ng Diyos ng Kaniyang Espiritu Santo, dahil darating ang oras na ito'y hahanapin n'yo ngunit hindi na masusumpungan. Kaya tiyakin n'yong gagawin n'yo ito.

135 Sumandali nating iyuko ang ating mga ulo. Makalangit na Ama, oh, minsan, Panginoon, ay sadyang tumatayo ako rito at nangangatog. Iniisip ko ang nakapangingilabot na oras na paparating, at ako'y… Wala nang paraan para pigilan pa ito. Naihula nang ito'y darating. Ngayon, iniisip ko kung bakit hindi lumalapit ang mga tao upang makinig, at bakit hindi sila lumalapit upang tanggapin ito? Ngunit, anopa't alam ko naman na sinabi Mong hindi sila lalapit, kaya ayaw nilang lumapit. Ngunit may ilan na ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, at nang mabuksan ang mga Tatak na iyon, nakita nila ang kanilang pangalan do'n, at nangungusap sa kanila ang Espiritu Santo; sila'y lumalapit. 346 Hindi mo sila mahahadlangan. Walang sinumang makagagawa niyon: walang isa man. Lalapit pa rin sila dahil pinangungunahan Mo sila tulad ng ginawa Mo sa maliliit na ibon na iyon at sa mga tupa at mga baka. Ikaw ay Diyos. May kung anong taglay na instinct ang mga hayop na iyon na nalaman nilang kailangan nilang lumayo… Kung nagawa siyang balaan ng instinct ng hayop upang tumakas sa panganib, ano ang gagawin ng Espiritu Santo sa isang iglesia na nag-aangking puspos siya ng Espiritu Santo? Diyos, mahabag Ka sa amin. 347 Patawarin Mo kaming lahat, Panginoon, sa aming mga pagkukulang. Hindi namin nilayon na tumayo dito sa pulpito at patayuin sa paligid ng mga dingding ang mga tao, na namimitig ang mga binti, at pagkatapos ay aalis sila at magsasabing, "Buweno, napakagandang pakinggan niyon."

136 Panginoon, nais naming gumawa ng isang bagay hinggil dito. Na— nais naming siyasatin Mo ang aming puso, at kung may anumang mali, Panginoon, ipabatid Mo po sa amin ngayon. Huwag Mo pong itulot na dumating kami sa oras na iyon na huli na ang lahat. Siyasatin Mo ako; subukin Mo ako, Panginoon. Nakatayo ako rito sa biyaya ng Diyos pagkatapos kong makitang nabuksan doon ang mga Tatak at pumarito ako upang sabihin sa mga tao, nang ihula Mong ito'y magaganap nang ganito, maraming linggo na ang nakalilipas. At ngayon, Ama, ito'y narito na sa aming harapan. 349 Ngayon, Panginoon, subukin Mo ako. Siyasatin Mo ang puso ko. Panginoon, ayaw naming—nais naming suriin Mo ang aming buhay, at kung may anumang hindi tama, sabihin Mo po sa amin, Panginoon. Nais naming itong ituwid, ngayon din, ngayon din habang mayroon pang bukal na puspos ng Dugo, habang mayroon pang Pampaputi na makapaglilinis ng aming mga kasalanan at di pagsampalataya. Nais naming ilublob ang aming mga kaluluwa sa ilalim niyon, lahat ng aming di pagsampalataya…

137 Oh, Diyos, tulungan mo kami sa aming kawalan ng pananamapalataya. Alisin Mo ito sa amin, Panginoon. Nais naming makatanggap ng biyaya para sa pag-agaw. Nais naming magkaroon ng kakayahan kapag umugong na ang mahiwagang kulog na iyon, at ang Iglesia ay iniakyat na, nais naming maging handa para tanggapin ito, Panginoon. Itulot Mo po ito. Subukin Mo kami, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hayaan Mong saliksikin naming Ito, at kung makita naming nabigo kaming… 351 Kung mayroon man dito, Panginoon, na nabautismuhan sa mga titulo, dahil di nila alam ang tunay at totong bautismo, maging singtapat nawa ako ni Pablo nang siya'y tumahak sa lupaing matataas ng Efeso at nakasumpong siya ng mga alagad na naghihiyawan at nagsisigawan at nagkaroon ng maluwalhating panahon. 352 Ang sabi niya sa kanila, "Tinanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y magsisampalataya?" Hindi nila alam kung mayroon ba ganu'n. 353 Sabi niya, "Kung gayo'y papaano kayo

binautismuhan?" At sila'y binautismuhan ng maluwalhati't banal na propetang iyon, ngunit sila'y binautismuhan lang sa pagsisisi; nang magkagayo'y binautismuhan silang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At inutusan sila ni Pablo na magpabautismong muli.

138 Panginoon, sa Liwanag ng Iyong Salita, inuutusan ko ang bawat taong hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo na magmadaling tumungo sa tubig habang may pagkakataon pa kayo. 355 Kayo na hindi pa napupuspos ng Espiritu Santo, inuutusan ko kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo; magsiluhod kayo at huwag kayong tatayo hanggang sa lubos kayong malinis ng Espiritu Santo at mapuspos ng Kaniyang pag-ibig at kabutihan. 356 Na ang inyong kaluluwa ay lubos nang nasisiyahan sa Presensiya ng Diyos, anupa't ang inyong buong pagnanasa ay ang paglingkuran Siya at lumakad para sa Kaniya at gumawa para sa Kaniya buong buhay n'yo. Itulot Mo po ito, idinadalangin ko, na ipagkaloob ng Diyos sa inyo ang atas na ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Mahal Siya, mahal Siya Pagka't minahal Niya ako (Talaga bang mahal n'yo Siya? Ngayon, itaas n'yo ang inyong mga kamay.) Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

139 [Nagpasimulang ihimig ni Brother Branham ang, "Mahal Siya."—Ed.] Kung mayroon mang nakaupo na nakadarama ng kanilang pangangailangan sa gabing ito, nadarama nilang kailangan nilang magpabautismo, o nangangailangan sila ng bautismo ng Espiritu Santo… Alam n'yo ang inyong pangangailangan; nahayag na ito sa iyo, at nais n'yong maalala sa panalangin. Walang sinuman sa amin ang makapagbibigay Nito sa inyo, ang magagawa lang namin ay bautismuhan kayo; ngunit isang bagay lang, hindi namin magagawang bigyan kayo ng Espiritu Santo. Ang Diyos lamang ang gumagawa no'n, ngunit nadama n'yo ang pangangailangan n'yo dahil nagungusap ang Diyos sa puso n'yo na kailangan n'yo Ito, at nais n'yong alalahanin namin kayo sa panalangin, maaari ba kayong tumayo para malaman namin kung sino kayo? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Panginoon. 358 Wari ko'y may sandaan at limampu, siguro, na nakatayo rito, o marahil ay gayon nga kung nakikita kong lahat. Hindi ko alam ang mga nasa silid at ang mga nasa labas na nakataas ang mga kamay, at iba pa, ngunit may pangangailangan kayo, ngayon, dumalangin tayo.

140 Ngayon, kayo na nakakakita sa mga taong nakatayo sa tabi n'yo at nakatayo sila bilang saksi sa harap ni Cristo, "Ka—kailangan Kita, Panginoon. Kailangan Kita. Umaasa ako na isa ako sa mga makasusumpong ng aking

pangalan ngayong gabi sa likod ng tatak na 'yon na naisulat sapul pa ng itatag ang sanlibutan. May tumimo sa puso ko at nakatayo ako, Panginoon, ako ba iyon? Tinatawag Mo ba ako? Nais kong ipahayag Mo sa akin ang pangalan ko na naroon. Puspusin Mo ako at selyuhan papasok sa Iyong Sarili sa pamamagitan ng Espiritu Santo." Kayo na mga naselyuhan na, gusto kong tumindig kayo, humarap kayo sa kanila at ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila upang sila'y ipanalangin. Ngayon, magpakasinsero kayo nang husto.

141 Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, hayaan Mong kumilos ang dakilang Espiritu Santo sa mga tagapakinig na ito na gaya ng isang humahagibis na hangin na pumapasok sa bawat pusong naririto, Panginoon, at isugo Mo ang bautismo ng Espiritu Santo sa mga taong ito. At may naghihintay na tubig… Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa kanila na nakarinig ng Salita, at lahat sila'y napuspos ng Espiritu Santo…